# Binhi Ng Kamalian

Phoenix, Arizona, USA

65-0118

1 Pinili ko sa gabing ito para sa maikling teksto, o maikling pagbasa, kung loloobin ng Panginoon, na ibigay sa atin ang konteksto nito, ang San Mateo 13:24 hanggang 30. At gayundin na— nais kong bumasa mula 36 hanggang 40, sa maikling sandali. Ngayon, San ika-13 kabanata ng San Mateo, at mula sa ika-24 na talata ng ika-13 kabanata ng San Mateo. Makinig kayong mabuti sa pagbasa ng Salita. Ang salita ko'y mabibigo, ngunit hindi ang sa Kaniya. Sinaysay niya sa kanila ang ibang talinhaga, na sinasabi, Ang kaharian ng langit ay tulad sa isang taong naghasik ng mabuting binhi sa kanyang bukid; Datapuwa't samantalang nangatutulog ang mga tao, ay dumating ang kanyang kaaway at naghasik naman ng mga pangsirang damo sa pagitan ng trigo, at umalis. Datapwa't ng sumibol ang usbong at mamunga, ay lumitaw nga rin ang mga pangsirang damo. At ang mga alipin ng puno ng sambahayan ay nagsiparoon at nangagsabi sa kanya, Ginoo, hindi baga naghasik ka ng mabuting binhi sa iyong bukid? Saan kaya nangagmula ang mga pangsirang damo? At sinabi Niya sa kanila, Isang kaaway ang gumawa nito. At sinabi sa kanya ng mga alipin, ibig mo baga na kami nga'y magsiparoon at ang mga yao'y pagtipunin? Datapwa't sinabi Niya, Huwag; baka sa pagtitipon ninyo ng pangsirang damo, ay inyong mabunot pati ng trigo. Pabayaan ninyong magsitubo kapuwa hanggang sa panahon ng pagaani: at sa panahon ng pagaani ay sasabihin ko sa mga mangaani, Tipunin muna ninyo ang mga pangsirang damo, at inyong pagbibigkisin upang sunugin; datapuwa't tipunin ninyo ang trigo sa aking bangan.

2 Napansin n'yo ba, "Tipunin muna ang mga pangsirang damo at inyong pagbibigkisin"? Ngayon, Ako'y… Sa pagbasa ko nito, may kakaibang bagay na dumating sa akin habang naroroon ako sa tuktok ng Catalina Mountains noong nakaraang gabi, at ako'y nananalangin. At nag-isip ako, saan kaya ako hahagilap ng salitang magagamit ko sa nais kong ipangusap mamayang gabi? 3 At sa pagbaba ko nasumpungan ko ang salitang "kamalian," kaya kumuha ako ng diksyunaryo at hinanap ko kung ano'ng ibig sabihin ng katagang "kamalian". At ito'y nangangahulugang "paghahasik ng di pagkakasundo," o kaya'y "maging taliwas," tulad ng sinasabi ni Webster, "paghahasik ng di pagkakasundo, isang bagay na kakaiba," o kaya'y "maging taliwas sa dating

kalagayan." Kaya naisip kong tawagin ang teksto ngayong gabi na: "Ang Binhi ng Kamalian." At nagtitiwala akong pagpapalain ng Panginoon ang Kanyang Salita habang tinutungo natin Ito.

3 At alam natin na ipinaliwanag Niya sa talatang 36 hanggang 43, kung papaanong gumulang ang binhing ito. At habang tinutunghayan natin ito, basahin din natin ang talatang 36 hanggang 43. Nang magkagayon ay iniwan niya ang mga karamihan, at pumasok sa bahay: at sa kaniya'y nagsilapit ang mga alagad, na nagsisipagsabi, Ipaliwanag mo sa amin ang talinghaga tungkol sa mga pangsirang damo sa bukid. At siya'y sumagot at nagsabi, Ang naghahasik ng mabuting binhi ay ang Anak ng tao; At ang bukid ay ang sanlibutan; at ang mabuting binhi, ay ito ang mga anak ng kaharian: at ang mga pangsirang damo ay ang mga anak ng masama; At ang kaaway na naghasik ng mga ito ay ang Diablo: at ang pagaani ay ang katapuasan ng sanlibutan; at ang mga mangaani ay ang mga anghel. Kung paano ang pagtipon sa mga pangsirang damo at pagsunog sa apoy; gayundin ang mangyayari sa katapusan ng sanlibutan. Susuguin ng Anak ng tao ang kanyang mga anghel, at kanilang titipunin sa labas ng kanyang kaharian ang lahat ng mga bagay na nangakapagpatisod, at ang nagsisigawa ng katampalasanan, At sila'y igagatong sa kalan ng apoy: diyan na nga ang pagtangis at ang pagngangalit ng mga ngipin. Kung magkagayo'y mangagliliwanag ang mga matuwid na katulad ng araw sa kaharian ng kanilang Ama. Ang may mga pakinig ay makinig.

4 Si Jesus mismo ang nagbigay ng interpretasyon sa talinhaga; kaya nga, alam natin ang kahulugan nito. At ngayon habang tumutungo tayo rito, sa paghahasik ng binhi at—at pagaani, ipinaliwanag Niya ito. At naniniwala akong si Jesus ay nangungusap ng talinhagang ito sa Kaniyang kapanahunan, ngunit tinutukoy Niya ang wakas ng sanlibutan, o, ang dulo ng kapanahunan, na walang iba kundi ang panahong ito. At naniniwala akong ang munting tekstong ito ngayong gabi ay akmang-akma sa oras na kinabubuhayan natin, dahil si Jesus ay nangusap nang malinaw na ang pagtitipon ay magaganap sa dulo ng sanlibutang ito, kung saan ang wakas ay magaganap: ang pagtitipon sa trigo, at gayundin ang pagtitipon sa mapanirang damo at pagsunog sa mga ito, at ang pagdadala ng trigo sa Kaharian. At naniniwala akong ganito nga iyon. 6 At isa pang Kasulatang nagbunsod sa aking maniwala nang ganito, na isinulat ko, ay ang Mateo 24:24, kung saan ay sinabi patungkol sa bin—binhi

ng kamalian, sinabi ni Jesus na ang dalawa ay magiging magkahawig na magkahawig na anupa't dadayain nito maging ang hinirang kung maaari lang: halos parehong-pareho.

5 Sa isa pang sipi ng Kasulatan kung saa'y nasusulat, na ang ulan ay pumapatak sa matuwid at sa di-matuwid. Naaalala ko ang aking unang karanasan sa pakikisalamuha sa mga Pentecostal. Nasa Mishawaka, Indiana ako noon. At nasa isang malaking kumbensyon ako, sa isang bulwagang gaya nito, kung saa'y nagkatipon ang mga taga Hilaga at mga taga Timog. May dalawang malaking pangkat ang Pentecostal. Hindi ko pa sila nadinig o nakasalamuha dati. Nang unang makarinig ako ng pagsasalita ng iba't ibang wika… At sa dulo ng hanay, ng kumbensyon… Dahil hindi ako kasapi, isa pa lang akong batang

ministrong Baptist noon; nakaupo ako sa likud na likod. 8 At naaalala ko nang una akong makarinig ng nagsasalita ng iba't ibang wika; Hindi ko nga alam kung ano ba iyon. At may dalawang lalaking madalas na nasa unahan, ang isa'y magsasalita sa iba't ibang wika at ang isa nama'y magbibigay ng interpretasyon sa sinabi niya. Buweno, kasisimula ko pa lang saliksikin ang aking Biblia hinggil diyan nang buong sikap ko, at nasumpungan kong ito'y Iskriptural. Iyon nga ay ayon na ayon sa Kasulatan, na gagawin iyon ng Espiritu Santo.

6 Buweno, kinabukasan no'n. Nang gabing iyon napukaw nang lubos ang puso ko. Natulog ako sa maisan. Wala akong sapat na pera para makakuha ng matutulugan, tamang-tama lang ang pera ko para makauwi, bumili ako ng ilang donut, dalawang araw na iyon, o tinapay pala, para sa aking almusal. Puwede naman akong kumaing kasama nila, ngunit wala akong perang maiaambag. Panahon ng depresyon noon, 1933, kaya napakahirap ng buhay. At naisip ko, "Buweno, ayokong kumaing kasalo nila, ngunit gusto kong malaman kung ano'ng mayroon sila. May taglay silang wala sa akin." 10 Kaya noong umagang iyon ako'y… HIniling nila sa akin, "Lahat ng ministro ay pumunta sa entablado at magpakilala, kung sino kayo, at kung taga saan." 11 Buweno, ang sabi ko lang, "William Branham, ebanghelista, Jeffersonville," at naupo na ako. Noong pagkakataong iyon, ako ang pinakabatang ministrong nasa entablado. At kinabukasan ay tinawag nila ako sa plataporma para magsalita. At pagkatapos kong magsalita, aba'y, nagkaroon kami ng mainam na panahon, at nakilala ko ang ibat-ibang mga taong nagiimbita sa akin sa kanilang mga simbahan. At pagkatapos nilang…

7 Matapos iyon, aba'y, naisip ko, "Kung makakapunta lang sana ako sa kinaroroonan ng dalawang lalaking nagsasalita ng iba't-ibang wika at

nagpapaliwanag…" Pinag-aalab niyon ang puso ko; pinakananasa-nasa ko 'yon. Buweno, tulad ng sabi ko sa inyo noong una pa, ang munting kaloob na iyon na inyong hinahatak. Alam n'yo, ang mga kaloob at ang pagtawag ay labas sa pagsisisi; nasa inyo 'yon habang buhay (Kita n'yo?); isinisilang kang taglay ang mga ito, kung ito'y mga kaloob ng Diyos. Kaya lagi na lang, simula pagkabata ko, lagi itong nangyayari sa akin, at ang mga nakakikilala sa akin, alam nilang totoo ito. Buweno, kung inisip kong… Hindi ko pa alam kung ano ito dati, tinatawag ko itong pangitain; sadyang hindi ko alam kung ano iyon. Ngunit naisip ko, "Kung makakausap ko lang sana sila." Buweno, ang Espiritung nasa gusali ay tila totoong Espiritu ng Diyos. 13 Nangyaring nakausap ko ang isa sa kanila, at tinanong ko ng ilang bagay, at isa siyang tunay na Cristiano. Walang dudang ang lalaking iyon ay tunay na mananampalataya. At 'yung isa naman, nang kausapin ko siya, kung may nakilala akong mapagpaimbabaw, isa siya sa mga iyon. Sa katunayan, ang lalaking iyon ay… Ang asawa n'ya ay kulay mais ang buhok, pagkatapos ay may dalawang anak siya sa isang kulay itim ang buhok na babae. At naisip ko, "Buweno, ano na ngayon ito? Heto iyon; labis akong nalilito. Isa akong fundamentalist; dapat ay maging ayon ito sa Salita, kung hindi'y mali ito. At narito ang Espiritung iyon, ang himig ng isa, sa abot ng nalalaman ko, ay tunay; at ang isa naman ay talagang hindi mabuti; at kapuwa silang binababagsakan ng Espiritu. Ngayon, paano nangyayari ito?" Nagulumihanan ako.

8 Makaraan ang dalawang taon, nananalangin ako sa kuwebang pinupuntahan ko para pagdasalan. Masyadong maalikabok doon, kaya isang hapon ay lumabas ako, inilapag ko ang aking Biblia sa ibabaw ng isang troso, at hinipan ito ng hangin at bumukas sa ika-6 na kabanata ng Mga Taga Hebreo, na nagsasabing sa mga huling araw, kung papaanong wala nang natitira pang hain para sa kasalanan kung lalayo tayo sa katotohanan at muling magbabago sa pagsisisi, at kung papaanong ang mga tinik at dawag na malapit sa pagtakwil ay susunugin; ngunit ang ulan sa tuwina ay lumalagpak sa lupa upang diligan ito, at pagyamanin; ngunit ang mga tinik at mga dawag ay itatakuwil, samantalang ang trigo naman ay titipunin. 15 At na—naisip ko, "Buweno, umihip lang ang hangin kaya ito bumukas." Kaya't inilapag ko muli ang Biblia. At naisip ko, "Buweno, ngayon ay akin lamang… " At heto't umihip na naman ang hangin upang Ito'y buksan. Nangyari ito nang tatlong beses. At naisip ko, "Buweno, teka, nakakapagtaka 'yan." At sa pagtayo ko, naisip ko, "Panginoon, bakit Mo binuksan ang Biblia sa akin upang basahin iyan, aking . . . Pagdating ko sa salitang, 'mga tinik at dawag,

na malapit ng itakuwil, na ang kahihinatnan ay sunugin'?" naisip ko, "Bakit Mo binuksan iyon sa akin doon?" At habang nakatingin ako sa…

9 Ngayon, ang mga tunay na pangitaing ito ay dumarating nang hindi pinipilit. Ito'y sadyang gawa ng Diyos. Kita n'yo? Tumingin ako at nakita kong umiikot ang mundo sa harapan ko, at nakita kong ito'y pawang naararo na. May humayong isang lalaking nakabihis ng puti na naghasik ng trigo. At pag-ikot niya sa kurbada ng mundo, dumating naman ang isang lalaki, nakakikilabot kung tignan; nakasuot siya ng itim, at siya'y naghasik ng mapanirang damo sa lahat ng dako. 17 Magkasamang tumubo ang mga ito. At ng magkagayon, pareho silang nauhaw, dahil kailangan nila ng ulan. At ang bawat isa ay tila nananalangin nang nakayuko, "Panginoon, magsugo ka ng ulan, magsugo ka ng ulan." At lumitaw ang makakapal na ulap, at kapuwa sila nabuhusan ng ulan. Nang magkagayon, ang munting trigo ay lumundag at nagpasimulang magsabi, "Purihin ang Panginoon. Purihin ang Panginoon." At ang munting damo ay lumundag din sa tabi niya, at nagsabi, "Purihin ang Panginoon. Purihin ang Panginoon." 18 At naipaliwanag ang pangitain. Ang ulan ay kapuwa pumapatak sa matuwid at sa di-matuwid. Maaaring

bumuhos ang iisang Espiritu sa mga pagtitipon, at ang bawat isa ay masiyahan dito: mga mapagpaimbabaw, mga Cristiano, at lahat na. Tama nga. Ngunit ano ito? Sa pamamagitan ng kanilang mga bunga ay makikilala sila. Kita n'yo? Iyon lang ang tanging paraan para ito'y makilala. Kaya nakikita n'yo na ngayon, na minsan ang ligaw na trigo o binhi ay nagagaya ang tunay, at domestikadong binhi, magkahawig na magkahawig na anupa't dadayain maging ang mga pinili. Sa palagay ko'y nabubuhay na tayo sa ganoong panahon, na kung kailan dapat ay ipinapangaral at pinag-uusapan ang mga bagay na ito.

10 Pansinin n'yo sa talatang 41, ang dalawa ay magkahawig na magkahawig din, hawig na hawig na sa huling mga araw hanggang sa hindi Niya maiasa sa isang iglesia ang paghihiwalay sa mga ito, halimbawa, sa Methodist o sa Baptist, o sa mga Pentecostal, para paghiwalayin ang mga ito. Sinabi Niya, “Susuguin Niya ang Kanyang mga anghel upang paghiwalayin sila.” Ang anghel ay darating upang maghatid ng paghihiwalay, ng pagbubukod sa pagitan ng tama at ng mali. At walang makagagawa noon maliban sa Anghel ng Panginoon. Siya ang magsasabi kung sino ang tama at kung sino ang mali. Sinabi ng Diyos na susuguin Niya ang Kanyang mga anghel sa huling panahon. Hindi mga anghel sa mga nagdaang panahong ito, ngunit mga anghel sa huling panahon, at sila ang magtitipon. Alam nating ito na ang paparating

na pag-ani. Ngayon, at ang anghel sa katunayan ay nangangahulugang isang “mensahero.” At nakita nating may pitong anghel sa pitong iglesia, at ngayon… Hindi, sa mga kapanahunan ng iglesia… 20 Pansinin kung sino ang sinabi Niyang mga manghahasik, at kung ano ang binhi. Una, ang manghahasik ay Siya, ang Anak ng Diyos, na humayo't naghasik ng Binhi. At ang kaaway ay dumating pag-alis Niya, walang iba kundi ang diablo, at naghasik ng binhi ng kamalian, matapos ang paghahasik ng tamang Binhi. Ngayon, mga kaibigan, ganyan ang nangyari sa bawat kapanahunan simula ng matatag ang sanlibutan. Tama nga. Mula pa sa pasimula, naumpisahan na ang ganiyang bagay.

11 Ngayon, sinabi Niya, “Ang Binhi ng Diyos, ang Salita ng Diyos… ”Sinabi ni Jesus sa ibang talata, na ang Salita ay isang Binhi. At bawat binhi ay magbubunga ng ayon sa kanyang uri. 22 At ngayon, kung ang Cristiano, ang mga anak ng Diyos, mga anak ng kaharian ay naging Binhi ng Diyos, kung magkagayon dapat sila ang Salita ng Diyos, ang Salita ng Diyos na naipahayag sa kanilang kapanahunan, para sa ipinangakong Binhi sa panahong iyon. 23 Ibinigay ng Diyos ang Kanyang Salita sa pasimula, at ang bawat panahon ay nagkaroon ng kanya-kanyang Binhi, takdang oras at mga pangako. Ngayon nang dumating si Noah sa eksena, siya ang Binhi ng Diyos, ang Salita ng Diyos sa panahong iyon. 24 Nang dumating si Moises, hindi siya maaaring dumating na dala ang mensahe ni Noah; hindi ito maaari, dahil siya ang Binhi ng Diyos sa panahong iyon. At nang dumating si Cristo, hindi Siya maaaring dumating sa panahon ni Noah o ni Moises; panahon Niya iyon, upang ang isang birhen ay magdalangtao at magluwal ng isang Anak na Lalaki, at Siya ang magiging Mesias.

12 Ngayon, nadaanan na natin ang panahon ni Luther, ang panahon ni Wesley (panahon ng Metodista), sa lahat ng mga kapanahunan, at ang panahon ng Pentecostal, at ang bawat kapanahunan ay pinagkalooban ng isang pangako ng Salita. At ang mga taong nagpamalas ng ipinangakong Salita ng panahon ang Binhi ng panahong iyon, ayon sa sinabi ni Jesus dito, “Sila ang mga anak ng Kaharian.” Tama. Ang manipestasyon ng Espiritu Santong kumikilos sa Kanyang mga anak ang Binhi ng Kaharian sa kapanahunang iyon. 25 Pansinin, ang mga panirang damo, ang kaaway, si Satanas, ang siyang naghasik ng pagkakaalit, o ng binhi ng kamalian, siya ang tunay na may sala sa paggawa ng kasuklam-suklam na bagay na ito. Hinasik ni Satanas ang kanyang binhi mula sa pasimula, nang ilagay ng Diyos ang Kanyang unang ani

ng mga tao sa ibabaw ng lupa. Si Adan iyon, na wala pang malay sa pagkaalam ng katotohanan, ng tama at mali, at di pa niya nararating iyon.

13 Ngunit nakita nating ibinigay ng Diyos sa Kanyang mga anak ang Kanyang Salita upang maging Pananggalang nila. Ang kanilang… Wala tayong ibang Pananggalang maliban sa Salita ng Diyos. Iyan ang ating Pananggalang. Walang mga bomba, walang mga kanlungan, walang mga taguan, hindi ang Arizona, o ang California, o saan man; iisa lang ang Pananggalang natin, at iyan ay ang Salita. At ang Salita ay nagkatawang tao at nanahan sa ating kalagitnaan, na walang iba kundi si Jesus Cristo; Siya ang tanging Pananggalang natin. Sa Kanya tayo ay ligtas. 27 Maging ang kasalanan ay hindi ibinibilang sa tunay na mananampalataya. Alam n'yo ba 'yon? Siya na ipinanganak ng Diyos, ay hindi na nagkakasala; hindi siya maaaring magkasala. Kita n'yo? Ni hindi ito ibinibilang. Aba'y, ang sabi ni David, “Mapalad ang taong sa kaniya'y hindi ibinibilang ng Diyos ang kasalanan.” 28 Kapag na kay Cristo ka, wala ka nang pagnanasang magkasala. “Ang mananamba, na minsan nang nalinis, ay wala ng budhi sa kasalanan; hindi mo na ito ninanasa. Ngayon, para sa sanlibutan maaaring isa kang makasalanan; ngunit sa Diyos ay hindi, dahil na kay Cristo ka. Paano ka magiging makasalanan kung ika'y nasa Isang walang kasalanan, at ang nakikita lamang ng Diyos ay Siya na kinaroroonan Mo?

14 Ngayon, itong panahon ng pag-ani. Sa pasimula, nang ihasik ng Diyos ang Kanyang Binhi sa lupa at ibigay ito sa puso ng Kanyang mga anak, ng Kanyang pamilya upang ingatan ang Salita, iyon lang ang kanilang Pananggalang, ang ingatan ang Salitang iyon. Dumating ang kaaway at sinira ang Harang, sa

pamamagitan ng paghahasik ng binhi ng kamalian, na salungat sa Salita ng Diyos. Kung iyon ay kamalian sa pasimula; ito'y… Anumang bagay na magdadagdag ng anuman sa Salita ng Diyos ay binhi pa rin ng kamalian. Hindi mahalaga saan man ito nanggaling, kung galing ito sa organisasyon, kung ito'y galing sa military, o sa kapangyarihang pulitikal, anumang bagay na salungat sa Salita ng Diyos ay binhi ng kamalian. 30 Kapag tumayo ang isang lalaki at nagsabing siya'y mangangaral ng Ebanghelyo, at sasabihin niyang ang mga araw ng himala ay tapos na, iyan ay binhi ng kamalian. Kapag ang isang lalaki ay tumayo at nagsabing siya'y isang ministro, isang pastor sa kung saang simbahan, at hindi siya naniniwalang si Jesus Cristo ay Siya pa rin sa bawat detalye (liban sa pisikal na katawan), na Siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man, iya'y binhi ng kamalian. Kapag sinabi niyang ang mga himala at ang panahong apostoliko ay lumipas na; iya'y binhi ng kamalian. Kapag sinabi nilang walang Makadiyos na

pagpapagaling, iya'y binhi ng kamalian. At ang sanlibutan ay punong-puno nito. Sinisiksik nito at sinasakal ang trigo.

15 Napansin nating ang unang naghasik ng binhi ng kamalian ay tinawag na diablo, at alam nating nangyari iyon sa Genesis 1. Doon ay nakita natin, at dito sa—sa aklat ni Mateo sa ika-13 kabanata, na ibinibilang pa rin ni Jesus sa diablo anumang kamalian sa Kanyang Salita. At sa taong ito ng 1956, anumang naghahasik ng kamalian, na salungat sa naisulat na Salita ng Diyos, o nagbibigay ng sariling interpretasyon Dito, ay binhi ng kamalian. Hindi ito kikilalanin ng Diyos. Hindi. Hindi ito maaaring ilahok. Tulad ito ng binhi ng mustasa; hindi ito maaaring ihalo sa anumang iba pa; hindi ito maaaring ihybrid; kailangang ito'y tunay. Binhi ng kamalian…

16 Ngayon, nakita natin, nang ihasik ng Diyos ang Kanyang Binhi sa halamanan ng Eden, nagbunga ito ng isang Abel. Ngunit ng ihasik ni Satanas ang kanyang binhi ng kamalian, namunga ito ng isang Cain. Ang isa'y namunga ng matuwid; ang isa nama'y namunga ng liko. Dahil nakinig si Eva sa salita ng kamalian, na salungat sa Salita ng Diyos, nagsimulang gumulong ang bola ng kasalanan, at patuloy itong gumulong magmula noon. At hindi natin ito lubusang matatanggal hanggang sa dumating ang mga anghel upang ihiwalay ang bagay na ito, at dalhin ng Diyos ang Kanyang mga anak sa Kaharian, at sunugin ang mga damo. 33 Pansinin natin ang dalawang punong iyon. Kung may oras pa sana tayo sa paksang ito, ngunit tutumbukin lang natin ang mahalagang bahagi, upang makatungo na tayo sa pananalangin para sa maysakit sa susunod na ilang minuto.

17 Pansinin n'yo, ang kanilang mga binhi ay magkasamang lumago tulad ng sinabi ng Diyos dito sa ika-13 talata ng ating teksto ngayong gabi, sa Mateo, "Pabayaan ninyo silang kapuwa magsitubo." Ngayon, nagtungo si Cain sa lupain ng Nod, at nakasumpong ng mapapangasawa, at nag-asawa; at si Abel ay pinatay, at pinalitaw ng Diyos si Seth upang humalili sa kaniya. At nagpatuloy ang pagsulong ng lahi, sa pagitan ng tama at mali. Ngayon, napansin nating nagkakatipon sila, sa bawat panahon, at kinailangan ng Diyos na… Naging napakasama nito na kinailangan nang wasakin ng Diyos. 35 Ngunit sa kawakasan ay umusbong ang mga ito hanggang sa kapuwa ang mga binhing iyon, ang binhi ng kamalian at ang Binhi ng Diyos ay nag-usbong ng kanilang mga tunay na ulo, at humantong ito kay Judas Iscariote at kay Jesus Cristo. Dahil Siya ang Binhi ng Diyos; Siya ang pasimula ng paglalang ng Diyos, Siya's walang iba kundi ang Diyos mismo. At si Judas Iscariote naman ay isinilang na anak ng kapahamakan, galing sa impyerno, at babalik sa impyerno. Si Jesus Cristo ay Anak ng Diyos, ang Salita ng Diyos na nahayag.

Si Judas Iscariote sa kanyang kamalian ay ang binhi ng diablo, pumarito sa sanlibutan, para mandaya, tulad din ni Cain, na kanyang ama nung pasimula.

18 Naglaro lang si Judas sa iglesia. Hindi naman talaga siya sinsero; wala naman talaga siyang pananampalataya: hindi niya sana ipinagkanulo si Jesus. Ngunit siya—kita ny'o, naghasik siya ng binhi ng kamalian. Inisip niya na maari siyang makipagkaibigan sa sanlibutan, sa mamon, at kay Jesus, ngunit nahuli na ang lahat sa kanya para may magawa pa siya tungkol dito. Nang dumating ang oras ng kamatayan, nang gawin niya ang masamang bagay na ito, tinawid niya ang linyang naghihiwalay sa pagitan ng pagsulong at pagtaliwakas. Kailangan niyang tahakin ang daan na tinungo niya bilang mandaraya. Naghasik siya ng binhi ng kamalian; sinikap niyang makasumpong ng lingap sa malalaking organisasyon ng panahong iyon, sa mga Fariseo at mga Saduceo, at inisip niyang magkakapera siya, at magiging sikat sa mga tao. Kung hindi ba naman iyan ang nagiging dahilan upang ang maraming tao ay mahulog sa kamalian, ang pagsisikap na makasumpong ng lingap sa mga tao. Humanap tayo ng lingap sa Diyos, hindi sa tao. Ngunit iyon ang ginawa ni Judas nang ang kamalian ay humantong sa kanya.

19 At alam nating si Jesus ang Salita; sa San Juan 1, ang sabi, "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ang Salita ay nagkatawang-tao at nanahang kasama natin." Kung gayon ang Salita ay isang Binhi; at ang Binhi ay naging laman at nanahan sa atin. 38 Kung si Judas ang binhi ng kaaway at ng kamalian, nagkatawang-tao rin ito at nanahan sa kalagitnaan natin sa katauhan ni Judas Iscariote. Hindi siya nagkaroon kailan man ng tunay, tunay na pananampalataya. Nagkaroon siya sa akala niya ng isang pananampalataya. Mayroong pagtataglay ng pananampalataya at pakunwaring pananampalataya. 39 At ang tunay na pananampalatayang mula sa Diyos ay sasampalataya sa Diyos, at ang Diyos ay ang Salita; hindi ito magdadagdag ng anuman Dito. Ang Biblia ay nagsasabi sa

atin na kapag nagdagdag tayo o nagbawas ng isang salita, ang bahagi natin ay aalisin sa Aklat ng Buhay: Apocalipsis 2:18, ang huling patapos na kabanata.

20 Sa pasimula, ang unang Aklat ng Biblia, Sinabi sa kanila ng Diyos na huwag suwayin isa man sa mga Salita Niyon; bawat Salita ay dapat ingatan; kailangang mabuhay sila sa Salitang iyon. Dumating si Jesus, sa kalagitnaan ng Aklat, at binanggit iyon sa Kanyang panahon, na nagsasabi, "Hindi nabubuhay ang tao sa tinapay lamang, kundi sa bawat Salita na—na namumutawi sa bibig ng Diyos." At sa nagtatapos na kapanahunan ng Apocalipsis, pinaunahan na tayo, na, "Sinumang magbawas ng isang Salita

mula sa Aklat, o kaya'y magdagdag ng isang Salita Dito, ang kanyang bahagi ay aalisin sa Aklat ng Buhay." 41 Kaya nga, sa Diyos, walang bagay na malabo, kundi isang tunay, walang halong Salita ng Diyos. Iyan ang mga anak na lalaki ng Diyos, mga anak na babae ng Diyos, na hindi ipinanganak sa kalooban ng tao, o sa pakikipagkamay, o sa kung ano'ng anyo ng bautismo; ngunit ipinanganak sa Espiritu ng Diyos sa pamamagitan ng Espiritu Santo, at naihahayag ang Salita sa pamamagitan nila. Iyan ang tunay na Binhi ng Diyos.

21 Ang kaaway ay sumasapi sa iglesia at nagiging lubhang orthodox sa kredo o sa kung anuman. Ngunit hindi iyan ang… Iya'y kamalian, anumang sumasalungat sa katangian ng tunay na Katotohanan ng Salita ng Diyos. 43 At paano natin malalaman? Sasabihin natin, "Buweno, sila'y… May karapatan ka bang magpaliwanag Nito?" Wala po. Walang sinumang taong may karapatang magpaliwanag ng Salita ng Diyos. Siya mismo ang Sarili Niyang Tagapagpaliwanag. Ipinangangako Niya ito; pagkatapos ay tinutupad Niya; iyon ang kapaliwanagan Nito. Kapag ipinangako Niya Ito, pagkatapos ay Kanyang tinupad; iyon kapaliwanagan Nito. Anumang bagay na salungat sa Salita ng Diyos ay isang kamalian. Tunay nga. 44 Ngayon, gaya ng sinabi ko, Si Judas ay walang tunay na pananampalataya. Ang taglay niya'y pakunwaring pananampalataya. Taglay niya ang isang pananampalatayang nag-akalang iyon nga ang Anak ng Diyos, ngunit hindi niya alam na iyon nga talaga ang Anak ng Diyos. Hindi niya sana ginawa iyon. At ang taong makikipagkompromiso sa Salita ng Diyos bilang Katotohanan, ay nagtataglay ng pakunwaring pananampalataya. Ang tunay na lingkod ng Diyos ay mananatili sa Salitang iyon.

22 Ilang gabi pa lang ang nakalilipas, isang ministrong taga Arizona, mula sa isang malaki at tanyag na iskwelahan sa syudad na ito ang lumapit sa akin at nagsabi, "Gusto kitang ituwid sa isang bagay, kung may pagkakataon ka." Ang sabi ko, "Ito na ang pinakamainam na pagkakataong alam ko. Halika." 46 At siya'y dumating; ang sabi niya, "Mr. Branham, nagsisikap ka," ika niya, "naniniwala akong sinsero ka at ika'y tapat, ngunit sinisikap mong ipakilala sa daigdig ang isang doktrinang apostoliko." At sabi pa niya, "Ang panahong apostoliko ay lumipas na kasama ng mga apostol." 47 Ang sabi ko, "Ang unang nais kong itanong sa'yo, kapatid: naniniwala ka bang ang bawat Salita ng Diyos ay kinasihan?" Ang sabi niya, "Opo, naniniwala ako." Ang sabi ko, "Kung gayon ay ipakita mo sa akin sa Salita kung saan tumigil ang panahong apostoliko? Ngayon, ipakita mo sa akin kung nasaan ito; sasamahan kita sa paniniwala mo." Ang sabi ko pa, "Ang

manunulat ng mga apostol, siya na may hawak ng mga susi ng Kaharian, nung araw ng Pentecostes nang pasimulan ang panahong apostoliko, sinabi ng mga tao, 'Mga lalaki at mga kapatid, ano'ng maaari naming gawin upang maligtas?' 48 Ang sabi niya, 'Mangagsisi, ang bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo, sapagkat ang pangako ay sa inyo at sa inyong mga anak, at sa lahat ng nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos.' Ngayon, paanong sasalungatin ng Salita ang Kanyang Sarili?" Ang sabi ng lalaki, "May malala akong sipon ngayong gabi." Ang sabi ko, "Sa palagay ko nga." Kita n'yo? 49 Ngayon, sabihin ninyo sa akin. Tumatawag pa rin ba ang Diyos? Kung tumatawag pa rin ang Diyos, ang panahong apostoliko ay nananatili pa rin. Tama iyan. Gaano man karami ang tawagin ng Panginoon nating Diyos, at kailan pa man Niya tawagin, gaano man karami ang Kanyang tatawagin, magiging panahong apostoliko pa rin iyon, dahil si Jesus Cristo ay siya pa rin kahapon, ngayon at magpakailanman.

23 Ngayon, nakikita natin sa araw na ito na ang kamaliang ito ay naihasik sa bawat panahon. Kung maaari lang na isingit ito sa loob ng sampu o labinglimang minuto, gagawin ko, ngunit hindi na maaari. Sa bawat panahon… Lahat tayo, halos lahat tayo ay nagbabasa ng Biblia. At ngayon, tulad nang dumating si Jesus, at nasumpungan Niya ang kamalian, salungat… Siya ang Salitang nahayag; Siya ang interpretasyon ng Diyos ng Salita, dahil sinabi Niya, "Saliksikin ninyo ang mga Kasulatan, dahil sa mga Ito ay masusumpungan ninyo ang Buhay na Walang Hanggan, at ang mga Ito ang nagpapatotoo tungkol sa Akin." Hayan na nga. Siya ang interpretasyon ng Salita. At ang bawat ipinanganak na muling anak na lalaki at babae ng Diyos sa panahong ito ay ang interpretasyon ng Salita. Kayo ang naisulat na liham, na nababasa ng mga tao. Opo. 51 Pansinin, ang sabi Niya, "Walang kabuluhan ang pagsamba nila sa Akin, na nagtuturo ng kamalian bilang pinaka aral nila. Walang kabuluhan ang pagsamba nila sa Akin, itinuturo bilang pinaka aral nila ang kamalian, doktrina ng tao, mga kredo ng tao, itinuturo ito bilang Salita ng Diyos, gayong ito'y walang kinalaman sa Salita ng Diyos."

24 Tingnan ny'o, bawat panahon ay nagbubunga ng gayong ani; nangyari ito sa bawat panahon, at hindi napuwera ang panahon natin. Mayroon din tayong gano'n, at mas matindi pa nga ang panahong ito kaysa sa lahat ng mga

panahon na pinagsama-sama, dahil ito ang katapusan ng kasaysayan ng mundo. Ang pinakamalaking kamalian na dumating sa mundo, ay nasa ibabaw ng lupa sa araw na ito. Ang kamalian sa ibang panahon ang naglayo sa kanila sa tunay at buhay na Diyos patungo sa mga diyos-diyosan. Sa araw na ito, ayon kay Jesus sa Mateo 24:24, magiging kahawig na kahawig ito anupa't dadayain maging ang hinirang kung maaari lang. Kung ang paguusapan ay kamalian, o, napakatuso nito. Si Satanas ay nasa kalagitnaan ng mga tao, at sadyang napakahusay na teologo, isang Doctor of Divinity, na kayang magturo ng Salita nang halos walang kamalian. Sinabi 'yan ni Jesus. Ngunit manmanan n'yo lang siya; magkakaroon ng kamalian kung saan man. Sasabihin mo, "Buweno, teka muna, hindi iyon para dito sa…" Opo, para rin iyon dito (Kita n'yo?) dahil sinabi ng Diyos.

25 Masdan n'yo kung ano'ng ginawa nito. Ang kamalian ding iyon ang nagdala ng galit ng Diyos sa mga kaarawan ni Noah, nang isugo ng Diyos ang Kanyang propeta at nangaral siyang tulad sa naglalagablab na apoy, na nanawagan ng pagsisisi sa mga tao, ngunit nilunod ito ng kamalian. At ano'ng ginawa ni Satanas? Sumunod siya kaagad kay Ham at muling nagsimulang maghasik. Tamang-tama nga. Dumating naman si Moises na dakilang propeta upang iahon ang mga anak ni Israel sa ilang. Ano'ng nangyari? Naghatid sa kanila si Moises na dakilang propeta ng Diyos, ng ganap na Katotohanan, binindikang Katotohanan… 54 Nakatagpo niya ang Diyos. Pinatunayan ng Diyos na nakatagpo niya Siya. Ganoon na lamang ang mga tao noon, ang mga saserdote, taglay nila ang kanilang mga relihiyon, ang kanilang mga rituwal, at mga karapatan at lahat na, ngunit tumayo si Moises bilang bindikasyon ng interpretasyon ng Salita. Huwag n'yong kalilimutan iyan. Si Moises ang interpretasyon ng Diyos ng Kanyang pangako. Sinabi Niyang gagawin Niya; Siya ang interpretasyon ng Diyos.

26 Ano'ng nangyari? Kalalabas lang ng iglesia sa Ehipto, ilang araw pa lang silang naglalakbay sa ilang, at ano'ng nangyari? Si Satanas ay dumating dala ang kanyang kamalian sa persona ng ikalawang Cain, na si Balaam, at naghasik siya ng kamalian sa kalagitnaan nila. Alam nating tama iyan, na si Balaam, ang turo ni Balaam, na "iisa lang tayo, ang Diyos na pinaglilingkuran namin ay siya ring pinaglilingkuran ninyo." Sa pagiging fundamental, tama siya, dahil nag-alay siya ng haing inalay ng Diyos: pitong tupang lalaki, pitong toro sa pitong dambana, at nanalangin siya sa iisang Diyos tulad na tulad din ng ginawa ni Moises doon sa ilang, magkaparehong-magkapareho.

Ngunit hindi sila magkatulad, inaanino lang sa atin kung ano'ng magaganap. Naritong muli si Cain na nahayag sa—sa katauhan ni Balaam. At narito ang Diyos na nahayag sa katauhan ni Moises, na pinaliliwanag ang Kanyang mga Salita sa pamamagitan ng isang tao, na ipinakikilala ang Kanyang Sarili, ang Kanyang pangako, sa pamamagitan ng isang tao. At ang kamalian ay lumitaw. Kaya gayon din sa panahon ni Judas; dumating siyang taglay ang kaniyang kamalian.

27 At, tandaan, ang kasalanang ito na pinaniwalaan ng mga tao, na "iisa lang tayo, sumasamba tayo sa iisang Diyos; dapat ay magkakasama tayo sa iisang iglesia; dapat ay iisang bayan lang," ang kasalanang iyon ay hindi pinatawad sa Israel. Si Jesus mismo ang nagsabi, "Lahat sila'y nangamatay." Napahamak sila, lahat sila maliban sa tatlo, at sila yaong mga nanghawakan at nanampalataya sa pangako. 58 Nang magsabi ang mga mahihina," Hindi natin makukubkob ang lupain, lubha itong malakas para sa atin," at iba pa; Pinatahimik ni Caleb at Josue ang mga tao at nagsabi, "Kayang-kaya natin itong masakop, dahil ipinangako sa atin ng Diyos. Hindi mahalaga kung anuman ang hadlang. 59 At maipangangaral pa rin natin ang Makadiyos na pagpapagaling, at ang bautismo ng Espiritu Santo, at magtataglay tayo ng kapangyarihan ng Diyos upang makahiwalay sa mga bagay ng sanlibutan. Sinabi iyan ng Diyos. Ang panahong apostoliko ay hindi tumitigil, at hindi ito titigil; nagpapatuloy ito. 60 Kaya nakikita natin ang iisang tagahasik ng kamalian. At tandaan, ang kasalanang iyon ay hindi napatawad kailan man. Ngayon, kapatid, kung hindi ito pinatawad noon, ano pa kaya ngayon kung kailan ang tunay na binhi ng lahat ng kapanahunan ay nagsasasama-sama na?

28 Pansinin n'yo ang dakilang bagay na ginawa ni Balaam; nagtuloy-tuloy ito, hanggang sa humantong sa pagdating ni—ni Judas Iscariote, at ni Jesus. Ano ito? Sina Judas at Jesus ay angkop na angkop na larawan ni Cain at Abel. Sapagkat kung papaanong si Judas ay relihiyoso, relihiyoso rin si Cain. Nagatyo ng altar si Cain; nag-alay siya; sumamba siya sa Diyos; kasing sinsero siya nung isa sa pagganap nito. Ngunit, kita nyo, wala siyang kapahayagan ng kung ano ang Salita. Ang akala niya ay kumain lang ng mansanas o kaya'y ng kung anong prutas sina Adan at Eba. At si Cain… Nalaman ni Abel sa pamamagitan ng kapahayagan na hindi ito tama; dugo ang dahilan kaya sila napalayas, at nag-alay siya ng kordero. At pinatunayan ng Diyos na tama ang kanyang alay. 62 At nagselos siya at sinikap na patayin ang kanyang kapatid. At kung papaanong pinaslang niya ang kanyang kapatid sa altar mismong kinamatayan

ng kanyang alay, ang kordero ay namatay sa altar, ipinagkanulo rin ni Judas Iscariote si Jesus Cristo sa altar ng Diyos, at pinaslang Siya kung papaanong pinaslang ni Cain si Abel. Dahil si Cain ang binhi ng kamalian. At gayon din si Balaam, ang upahang propeta, isang taong dapat sana'y nakaaalam ng kung

ano'ng nararapat. At binalaan siya ng Diyos sa pamamagitan ng mga tanda at mga kababalaghan, at maging ang asno ay nagsalita sa ibang wika, ngunit humayo pa rin siya. Ipinanganak siya upang maging isang tagahasik ng kamalian.

29 At kung inihula ni Jesus na hahantong ang panahong ito sa pinamalaking kamalian, ang kapanahunan ng iglesiang Laodicea, na maligamgam, na nagtaboy sa Kanya palabas ng iglesia, papaano itong mauuwi sa iba pa maliban sa kamaliang iyon. Tiyak nga iyon. Ito'y magwawakas sa panahong iyon. 64 Ngayon, pansinin, tulad ng dati, pagkaalis na pagkaalis ni Jesus patungo sa langit, ang Espiritu Santo ay sinugo pabalik. Iyon ang Binhi, ang Tagapagbigay-Buhay sa Salita, tulad ng ipinangusap natin kagabi. Ito ang nagbibigay-buhay sa Salita. Ang salitang "Quicken " ay nangangahulugang, "maghatid ng Buhay." Naghahatid lamang ng buhay ang tunay na Espiritu Santo sa Salita ayon sa pagiging Salita Nito. Hindi ito magbibigay-Buhay sa kredo; hindi maaari, dahil wala Itong kinalaman sa kredo. Ito ang Buhay ng Salita ng Diyos, dahil Ito ay Diyos. Kita n'yo? At binibigyang-buhay Nito ang Katawang iyon.

30 Ngayon, pansinin, gaya ng ginawa nila. At, gaya ng sinabi ng Biblia, at— at si Juan ay nangusap sa kanyang mga anak, at nagsabi, "Mumunti kong mga anak, narinig n'yo ang tungkol sa anti-cristo na paparating sa sanlibutan," at ang sabi pa, "na ngayon nga ay narito na sa mundo, at ito'y gumagawa sa mga anak ng pagsuway. "Ngayon, ito'y naganap mga tatlumpong taon matapos dumating ang Epiritu Santo. Nakita natin, nang dumating ang Espiritu Santo, ang tunay na Binhi, ang tunay na Tagapagbigay-Buhay sa Binhi, dumating na naman ang kamalian. At pansinin n'yo, nagpatuloy ito. Ito'y may… 66 Ang tunay na Salita ay nabindika na; ang mga propeta noong una ay nagbindika sa Salita ng Diyos bilang Katotohanan sa kanilang pagkamatay. Kung nabasa ninuman ang Nicaea Council, o ang Pre-Nicaea Council, ang labinlimang araw na iyon ng madugong pulitika, nang magnasang magpasok ng denominasyon ang mga Romanong iyon at gawing gano'n ang iglesia, nagsidating ang mga propeta, nakadamit ng balat ng tupa, mga gulay ang kinakain, at nanindigan sa Salita. Ngunit ano'ng nagawa nito? Kinailangan nitong maging tulad ni Cain; tulad din ni Abel; kinailangang mamatay ang isa sa kanila. At nangyari nga ito. At nawala ang impluwensya ng Salita sa mga

tao, at pinagkaisahan nilang itakwil ang ang tunay na Salita at tanggapin ang mga dogma ng kamalian ng unang iglesiang Catoliko. Nagdagdag sila ng papa; nagdagdag sila ng obispo; nagdagdag sila ng ganito, ganiyan at iba pa. Inalis nila ang tunay at totong kahulugan ni Pedro, at ni—ni—ni Maria, at— at lahat ng iba pa, at gumawa sila ng mga idolo, at wala silang ginawa kundi seremonyang pagano mula sa tinaguriang relihiyong Cristiano. Ano iyon? Binhi ng kamalian. At nag-organisa sila, sa kauna-unahang pagkakataon sa lupa ng isang iglesia… Ano iyon? Ang binhing iyon ng kamalian na nagsimulang maghasik, magdagdag ng kung anong bagay, at magbawas.

31 Sinong nakarinig, na sa Biblia ay pinagbawal ang pagkain ng karne tuwing Biyernes? Sino ang nakarinig sa Biblia ng pagwiwisik sa halip na pagbabautismo, o paglulubog? Sino'ng nakarinig ng mga gayong bagay, ng "Aba Ginoong Maria" o ng iba pa? Sino rin ang nakarinig ng mga bulok at walang kabuluhang ginagawa ng mga Protestante? Hindi maaaring tawaging mauling ng kaldero ang takuri. Tama. Ang nagkasala sa pinakamaliit ay nagkasala sa lahat. Sinong nakarinig na nakitungo ang Diyos kailan man sa isang organisasyon? Ipakita ninyo sa akin na may nagorganisa na nanatiling buhay. Daglian silang namatay at di na muling nagbangon. Panahon na upang may isang bagay na maganap; at panahon na upang kumilos ang Diyos. Pinapatay ninyo ang impluwensya sa mga tao. 68 Gayon din ang nangyari ngayon. Pinapatay nila ang impluwensya, sa pagsasabing, "Oh, ang grupong iyon ng mga holy-roller, wala 'yang mga iyan, sila'y…" Aba'y, ito'y kamalian. Harapin ninyo ang Salita ng mukhaan at tingnan kung ano Ito; tingnan kung ipinaliliwanag ng Diyos ang Kanyang Sariling Salita. May kakayahan ang Diyos na magpalitaw ng mga anak kay Abraham mula sa mga batong ito. Amen

32 Ang Salita ay lubusang binindika ng mga naunang Cristiano, kung papaanong iniligtas sila ng Diyos sa lahat ng bagay, at mga karamdaman; at sila'y may mga propeta, at nagsalita sila ng iba't ibang wika, ipinaliwanag ang mga ito, at nagbigay ng mensaheng napatunayang tugmang-tugma sa bawat pagkakataon. Ngunit sa harap ng lahat ng nabindikang Salita, tinanggihan ito ng mga tao, at nagtatag sila ng denominasyon. At iyan ang ina ng lahat ng mga organisasyon. 70 Kapuwa na silang ganap na gumulang ngayon. Nagpasimula sila muling magpunla. Namatay ito, ngunit yumabong muli sa mga araw ni Luther, tulad ng nalaman natin sa nakaraang mensahe dito ng agahan. Yumabong ito nung araw ni Luther. Ngayon, ano na'ng ginawa nila? Pagkamatay na pagkamatay ng dakilang taong iyon, nagtatag sila ng organisasyon.

Yumabong itong muli sa mga araw ni John Wesley, nang gapusin ito ng mga Anglican, sa pamamagitan ng kanilang walang hanggang seguridad at lahat na hanggang sa maging mistula na itong unibersalismo, at ano'ng nangyari? Nagpalitaw ang Diyos ng isang lalaking nagngangalang John Wesley, at pinatay niya ang lahat ng iyon. At pagkamatay na pagkamamatay niya, siya at si Asbury at iba pa, ano'ng nangyari? Nag-organisa sila, at ngayon ay mayroon nang lahat ng uri ng Methodista. At may iba't iba pang dumating, sina Alexander Campbell, John Smith, at maraming pang iba.

33 Sa dulo nito, ay dumating ang Pentecost, galing sa lahat ng mga ito. Ano'ng nangyari? Tumakbo sila

nang maigi, ano'ng humadlang sa inyo? Nagbalik kayo sa putikang pinanggalingan n'yo, nagbalik kayo sa dating maruming tubig, sa kamalian, at upang makapagtatag ng mga organisasyon kinailangan n'yong ikompromiso ang Salita. At sa tuwing magsusugo ang Diyos ng isang bagong bagay, hindi n'yo matanggap. Tama. Kamalian muli… At, pansinin, gaya ng sabi ko noong nakaraang araw, ang unang munting talupak na nanggaling sa ugat, ay sumulong patungo sa mga dahon hanggang sa borlas, at muling bumalik sa tangkay, at yumabong. Ang munting talupak ng trigo ay kahawig na kahawig mismo ng butil, at akala natin iyon na nga, ngunit pag binuksan mo ito, wala roong anumang butil. Taga suporta lang ito sa butil upang lumaki, at namamatay din ito, at sumusulong ang buhay mula rito patungo sa butil. Pansinin n'yo, kaya nila tinatawag ang mga iglesiang naghasik…

34 Nakita natin ngayon na ang ating mga tinaguriang iglesia, maging sa ang ating mga Pentecostal; nagsilabas tayo; hindi tayo nakuntento; kinailangan nating magtatag ng sarili nating mga grupo. Naglitawan na ang lahat; kinailangan nating magkaroon ng ganito; kinailangan nating magkaroon ng ganiyan; kinailangan nating magkaroon ng ibang grupo. At may isang nagtindig, at nagsabi, "Darating Siya na nasa puting ulap." May ibang nagsabi, "Oh, Darating Siyang nakasakay sa puting kabayo." "Buweno, bubuo tayo ng dalawang grupo." Kita n'yo kung ano ito? Paghahasik ng kamalian. Pagdating Niya, papaano man iyon, ipaliliwanag Niya ang Kanyang sariling Salita sa pagdating Niya. Hintayin natin ang oras na iyon. Kunin nyo ang… Napaguusapan na rin naman ang tungkol diyan, ni hindi n'yo nasasapo ang Mensahe ng panahon. Lagi kayong nakaturo sa kung ano'ng gagawin ng Diyos, o kung ano'ng ginawa Niya, at binabalewala n'yo kung ano'ng ginagawa Niya. Ganiyan tayo nakapagpapasok ng mga kamalian dito.

35 Ngayon, mapapansin natin ang ating mga iglesia, ang lahat ng ating mga iglesia ay naghasik sa hangin, at tayo'y umani ng buhawi. Wala na tayong mga

pagtitipon para sa panalangin; wala na tayong mga gawaing dati-rati'y mayroon tayo. Ano'ng naging problema? Nagbaba tayo ng pamantayan sa lahat ng bagay. Tingnan n'yo, maging sa ating mga iglesiang Pentecostal, punong-puno ito ng mga kababaihang pugot ang buhok. Hindi iyan pinahihintulutan dati. Pinturadong mga mukha, mga kukong naka-manicure, lahat na ng klase ng mga bagay; makakakita ka sa labas ng lalaking tila mga Rickie at iba pa; ikinasal ng tatlo o apat na beses, at mga diyakuno pa; o, anong laking kamalian. Napakarumi nito. Paano nila nagagawa ito? Hindi ito pahihintulutan ng Diyos sa Kanyang iglesia; Kakailanganin nilang tumungo sa isang organisasyon para mapabilang dito. May mga natatakot na mangusap tungkol dito, dahil mapapatalsik sila sa organisasyon. Diyos, bigyan Mo po kami ng mga kalalakihang hindi kunektado sa anumang bagay kundi sa Diyos at sa Kanyang Salita lamang, na magsasabi ng Katotohanan tungkol dito. Iyan nga talaga ang kailangan natin. Ano'ng ginawa natin? Naghasik tayo ng kamalian. Nagtanim tayo sa hangin, at ngayo'y buhawi ang inaani natin.

36 Pansinin n'yo na sila'y sama-sama nang tinitipon ngayon para sunugin. Napansin n'yo ba, sinabi ni Jesus, "Tipunin n'yo muna sila, bigkisin, at pagkatapos ay tipunin ang lahat ng bigkis sa isang bunton, at susunugin Ko sila." May munting bigkis na kung tawagin ay Methodista, Baptist, Presbyterian, Lutheran, sila'y sama-samang tinitipon sa Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesia. Ano iyon? "Tipunin muna sila." Hallelujah. Napansin n'yo ba, titipunin muna Niya ang mga panirang-damo, ilalayo sila sa mga trigo, ihihiwalay sila, "Tipunin sila at sunugin." Lahat sila'y susunugin sa mga kahatulan ng Diyos, dahil sa paghahasik ng kamalian sa mga tao, ng mga bagay na kanilang… May anyo ng kabanalan ngunit tinatanggihan ang kapangyarihan nito, itinatanggi ang Salita, upang suportahan ang karapatang pangrelihiyon ng kung anong dogma na isiningit ng kung sino, sinisikap na ilahok sa Salita ng Diyos. Hindi ito uubra. Isa itong kamalian.

37 Sumisigaw ako ngayon, tulad ng dakilang propeta ng unang panahon, na si Amos, nang bumaba siya sa siyudad na iyon, at nagsabi, "Hindi ako isang propeta, o anak ng isang propeta. Ngunit kapag umungal ang leon, sino ang hindi matatakot." Ang sabi niya, "Kapag nagsalita ang Diyos, sinong hindi manghuhula." Nanghula siya ng kahatulan para sa henerasyong iyon at nagsabi, "Ang pinaka Diyos na inaangkin ninyong pinaglilingkuran ang wawasak sa inyo." 77 Isama n'yo ito, nasa teyp ito, at inyong pakatandaan. Ang Diyos na… Ang mga tao ngayon na nagtitipon sa lahat ng malalaking aning ito ng Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesia… At kakailanganing mong sumapi rito. Hindi ka maaaring manatiling nasa labas nito. Kung hindi ka hihiwalay

rito bilang isang indibiduwal, ikaw ay sasapi rito. Hindi maaaring magkaroon ng gitna rito. Ito ang magiging tatak ng hayop. Walang sinumang makabibili o makapagbibili, maliban sa kanya na may tatak, o nagtataglay ng kamalian. Ngayon, lumayo kayo rito. Lumabas kayo rito. Takasan ninyo ito. Huwag ninyo itong lapitan. Ang Diyos na inaangkin nilang pinaglilingkuran ang wawasak sa kanila. Ang dakilang Pag-ibig ng Diyos na hindi…

Sinasabi nila, "Buweno, nanalangin si Jesus na magkaisa tayong lahat."

38 At sinabi din Niya, "Paano kayo makalalakad ng magkasama, ang dalawa na magkasama, liban na magkasundo sila?" Ang pagkakaisang sinabi Niya ay tulad ng Siya at ang Ama ay Iisa, At ang Ama ay ang

Salita, at Siya ang Salita na nahayag. Siya ay Kaisa ng Ama, dahil Siya ang manipestasyon ng ipinangakong Salita ng Diyos. At gayundin ngayon, o sa kahit anong kapanahunan man. Opo. Ang Diyos na iyon ay Iisa, nais Niyang maging isa tayo. 79 Paano itong magiging isa, itinatanggi ng isa ang birheng kapanganakan, ang isa'y hindi, itinatanggi naman ng isa ang Makadiyos na pagpapagaling, at ang ganito at ganiyan, lahat sila'y nasa ganiyanng kaguluhan? Ang iba sa kanila ay ni hindi naniniwala sa Diyos, na Siya ay Anak ng Diyos: naninwalang silang Siya ay anak ni Jose, na kung tawagin ay Anak ng Diyos. Tama iyan. Ang kakambal ng mga Lutherans, ang mga Zwinglies, ay naniniwalang Siya'y isang mabuting tao lamang. Ang Christian Science ay nagsasabing Siya'y isang propeta, isang ordinaryong tao lamang, na hindi Siya Diyos. Aba'y, kung hindi Siya Diyos, Siya ang pinakadakilang mandarayang naparito sa mundo. Kung hindi Siya Diyos hindi Siya anuman. Siya ay Diyos. Siya Mismo ang Pagkadiyos na nagkatawang-tao sa kalagitnaan natin, sa Persona ng Anak ng Diyos. Tiyak nga, iyan nga Siya.

39 Ngayon, nakikita nating nakapasok na ang kamalian. Alam nating narito na ito; hindi iyan maitatanggi ninuman. Ay naku. Pansinin n'yo lamang. Wawasakin niya ang grupong iyon na nag-aangking naglilingkod sa Diyos. Bantayan n'yo ito. 81 Itinanim ng Diyos ang Kanyang Binhi. Magtatapos na ako, dahil oras na upang simulan ang hanay ng panalangin. Itinanim ng Diyos ang Kanyang Binhi, at ang Kanyang Binhi ay si Cristo. Mangangaral ako ukol diyan sa mga susunod na gabi, kung saan ipinasya ng Diyos na ilagay ang Kanyang Pangalan, kung loloobin ng Panginoon, marahil isa sa mga agahan kung kailan ay mayroon akong maha-habang panahon. Tignan n'yo, Siya lang ang tanging Daan ng pagtakas. Siya lamang ang tunay na Makapangyarihan. Siya lamang ang tunay na Diyos; walang iba liban sa Kanya. "Ako ang Diyos at nag-iisang Diyos," sabi Niya. Sinabi ni Jesus, "Ito ang kautusan: Pakinggan ninyo, O

Israel, Ako ang Panginoon ninyong Diyos, ang nag-iisang Diyos. Ako ay Siya. Bakit naghahanap pa kayo ng iba? May ibang darating… Dumating Ako sa Pangalan ng Aking Ama, at hindi ninyo Ako tinanggap. Ngunit may ibang darating sa kanyang sariling pangalan, at siya ay tatanggapin ninyo." At ginawa nila iyon sa Nicaea. "Cristiano ka ba?" "Baptist ako" "Cristiano ka ba?" "Pentecostal ako" "Cristiano ka ba? "Metodista ako" iba namang pangalan.

40 Ngunit pagdating sa Pangalan ni Jesus Cristo, pinakalalayu-layuan nila Ito; ayaw nila Itong pakialaman; dahil Siya ang Salita at ang Salita ang nagpapakilala sa Kanyang Sarili. 82 Pansinin, ang tanging Daan ng pagtakas. Siya ang Rosa ng Saron, gayon ang sabi ng Biblia. Lahat ng titulo ng Diyos sa Biblia ay nauukol kay Jesus Cristo. Siya ang Alpha, Omega, ang Pasimula at ang Wakas; Siya ang Nakaraan, ang Ngayon, at ang Darating; ang Ugat at Supling ni David (kapuwa Ugat at Supling ni David); ang Tala sa Umaga, ang Rosa ng Saron, ang Lila ng Libis, ang Alpha, Omega, Ama, Anak, Espiritu Santo, ang lahat ay napapaloob kay Jesus Cristo. Siya ang kapuspusan ng manipestasyon ng Diyos na Jehovah na nagkatawang tao upang manahan sa kalagitnaan natin. Iyan nga talaga Siya. 83 Siya ang Rosa ng Saron. Ano'ng ginawa nila sa Rosa ng Saron? Piniga nila Ito, dinurog, upang makuha ang pabango mula Rito. Kailangang pigain ang marikit na rosas upang maku'nan ng pabango. At napakagandang Buhay niyon; walang buhay na ipinamuhay nang tulad Niyon, ngunit kinailangan Iyong pigain sa Kalbaryo.

41 Kita n'yo, kinuha nila ang pampahid ng Rosa ng Saron at ipinahid ito kay Aaron, kailangan muna siyang mapahiran niyon para makaharap sa Panginoon sa banal na dako, sa likod ng banal na tabing. Kailangan siyang mapahiran ng Rosa ng Saron sa pagpasok niya upang wisikan ang trono ng awa taun-taon. At kailangang taglayin niya ang pahid na 'yon, isang mabangong samyo sa Panginoon, habang dala-dala ang dugo ng kordero sa unahan niya, matapos na mawisikan din siya ng dugo ng kordero. May mga granada at mga kampanilyang nakasabit sa kanyang kasuotan, kailangan niyang lumakad sa isang kaparaanan, na tila tumutugtog ng "Banal, banal, banal ang Panginoon."

42 Pansinin, Siya ang Rosa ng Saron, ang mabangong Samyo, ang Pahid na nasa Kanyang bayan. Hindi ka makalalapit sa Kanya taglay ang anumang kredo, ang iba pang bagay, maliban sa mapahiran ka ng Rosa ng Saron, ang Salita.

Siya rin ang Lila sa Libis. Ngayon, paano ba nakakukuha ng opium? Makakukuha ka ng opium kapag kumuha ka ng lila at piniga mo ito, makukuha mo ang opium. Ginagamit ito ng mga duktor sa kanilang mga laboratoryo. Halimbawa may isang lalaking nininerbiyos at nagugulumihanan, o kaya'y isang babae, ang pakiramdam niya'y mababaliw siya, lakad siya ng lakad sa sahig at nagsisisigaw, nag-iesterika, kukuha ang duktor ng kaunting opium na galing sa lila at iiineksyon sa kanyang braso o kung saang ugat at siya'y matatahimik. Malulunasan ito pansamantala. Ngunit paglipas ng bisa ng opium, heto na naman sila, mas malala pa kaysa dati.

43 Ngunit sinasabi ko sa inyo, mga kaibigan, tipo lang iyon ng tunay na Opium mula sa Lila ng Libis na kilala ko. Siya ang Lila ng Libis. Piniga Siya sa Kalbaryo. Sinugatan Siya dahil sa ating pagsalansang; sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay nagsigaling tayo. Dahil doon, sa pagkapiga ng bulaklak, isa Siyang Bulaklak. Siya ang pinakadakilang Bulaklak na sumibol, ang Lila ng Libis, at itong Rosa ng Saron. Ngayon, nakabitin Siya ngayong gabi, nasa pagitan ng langit at lupa, sa paniwala ko, nung panahong iyon, ang ibig kong sabihin, upang alisin ang kasalanan ng sanlibutan at maghatid ng kagalingan sa mundo. At sinabi ng Bibliang hindi Siya nagbabago kahapon, ngayon at magpakailanman.

44 Kaibigan, nang sabihan ng Diyos si Moises sa ilang, at ito'y isang tipo Niya, na itaas ang ahas na tanso… At ang tanso ay kumakatawan sa kasalanang nahatulan na, ang ahas ay kumakatawan, ang tansong ahas ay kumakatawan sa kasalanang nahatulan na. Ang tanso ay Makalangit na kahatulan, tulad ng altar na tanso kung saan inilalapag ang hain. Gayundin si Elias ay tumingala at nagsabing ang langit ay parang tanso, Makalangit na kahatulan sa di sumasampalatayang bansa na tumalikod sa Diyos. Ang tanso ay kumakatawan sa paghatol, sa Makalangit na paghatol. At ang ahas ay kumakatawan sa kasalanang nahatulan na; at si Jesus ang ahas na ginawang kasalanan para sa atin, at umako ng kahatulan ng Diyos sa Kanyang Sarili. Nasugatan Siya dahil sa ating mga pagsalangsang, nabugbog Siya dahil sa ating kasamaan, ang parusa ukol sa ating kapayapaan ay napasa Kanya, at sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay nagsigaling tayo. 89 O, punung-puno ang cabinet ng Diyos ng Opium ngayong gabi, para sa inyo. Mga kaibigang Cristiano, kung maysakit kayo at nagdurusa. O kaya'y nanghihina kayo; sadyang napakahirap nito para sa inyo. Hindi mo na ito matagalan, ma—mababaliw ka sa modernong panahong ito na kinabubuhayan natin.

45 Nadinig n'yo ba ang "Lifeline" ngayong gabi, kung ano'ng sinabi nila, na—na sinabi ng Russia, noong '55, na kanilang "lubusang kukuntrolin ang

buong mundo"? Bago mangyari iyon, kailangang dumating ang pag-agaw. Kaya gaano na kalapit ito, kaibigan? Sadyang napakalapit na nito. 91 Maaari bang hanapin mo Siya ngayong gabi nang buong puso mo? Siya ang Lila ng Libis, at Siya ay di nagbabago kahapon, ngayon at magpakailanman. Naririto Siya ngayong gabi upang itaas ang Kanyang Sarili sa kalagitnaan ng Kanyang bayan, kung papaanong itinaas ni Moises ang—ang tanda ng kasalanan, na hinatulan. At hindi lang kasalanan, kundi pati karamdaman. Alalahanin n'yo, sinabi ni Jesus, "Kung papaanong itinaas ni Moises ang ahas na tanso, gayundin dapat maitaas ang Anak ng tao." Bakit itinaas ito ni Moises? Para sa kasalanan, di-pananampalataya, at karamdaman. Si Jesus ay itinaas din para sa kasalanan, karamdaman, at di-pananampalataya. Gayon din Siya.

46 Ngayon, sa gabing ito, sa mga araw na nasa atin ang malaking kamaliang ito, nangako si Jesus sa Lucas, na sa mga kaarawan ng—bago dumating ang Panginoon, matutulad ito sa mga kaarawan ng Sodoma, kung kailan ay ihahayag ng Anak ng tao ang Kanyang Sarili, tulad ng pagpapahayag ng Anak ng tao kay Abraham; si Elohim, ang Diyos, ay nahayag sa laman sa kalagitnaan ng bayan, at tumahang kasama ni Abraham at ipinakita sa kanya, sinabi sa kanya kung ano'ng iniisip ni Sarah, na nasa toldang nasa likuran Niya, na hindi pa Niya nakikita. 93 Sinabi Niya sa kanya kung ano'ng… At tinawag ang pangalan niyang, "Sarah." "Abraham," hindi ang—ang pangalan niyang Abram, na dati niyang pangalan, ngunit Abraham. Hindi Sarai, S-a-r-a-i; kundi S-a-r-a-h, "Nasaan ang iyong asawang si Sarah"? Ang sabi niya, "Nasa tolda siya sa likuran Mo." Ang sabi Niya, "Dadalawin Ko kayo ayon sa kapanahunan ng buhay." At tumawa si Sarah. Ang sabi Niya, "Bakit siya tumawa?" 94 Ngayon, sinabi ni Jesus, "Bago matipon at masunog ang malaking kamaliang ito, ipapahayag ng Anak ng tao ang Kanyang Sarili sa kaparehong paraan na ginawa Niya noon." At ito'y… Ano 'yon? Muling itinataas sa harapan n'yo, na si Jesus Cristo ay siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Naniniwala ba kayo? Yumuko tayo kung gayon para sa panalangin.

47 Dakilang Diyos, mahal Ka namin. Ang Iyong Salita ay—ay puno ng pagkain para sa amin, Panginoon. Mahal namin Ito. Nabubuhay kami dahil Dito, Panginoon. Nakikita naming hindi sapat ang aming kakayahan. Gustunggusto naming maupo sa Iyong dulang, sa palibot ng Iyong Salita, at masiyahan sa mga pagpapala, Panginoon, kapag kami'y nagkakatipong gaya nito,

magkakapatirang binayaran ng Dugo ng Anak ng Diyos, binili ng Iyong Dugo. At naparito kami ngayong gabi, Panginoon; itinatalaga namin ang mga gabing ito para sa pananalangin sa maysakit. At ayon sa Kasulatan, sinabi Mong sa pamamagitan ng mga latay ay nagsigaling na kami. Hindi na kailangang manalangin pa kung gayon (ihayag na lang ang aming mga kasalanan), dahil sa pamamagitan ng Iyong mga latay ay (pangnagdaan) nagsigaling na kami. O, anong araw ng kaligtasan. Anong dakilang pangako ni Emmanuel. Na tiyak ngang Ito ang Katotohanan. 96 Sinabi Mo, "Ilang sandali na lang, at hindi na Ako makikita pa ng sanlibutan, ngunit makikita ninyo Ako, dahil Ako (panaong panghalip na 'Ako')—Ako'y sasainyo, maging sa inyo, hanggang sa katapusan ng mundo." At sa katapusan ng panahon, sa dakilang pagwawakas na ito, sinabi Mong bago ito maganap, matutulad ito nung bago umulan ng apoy sa Sodoma at masunog ang daigdig ng mga Hentil, na magkakaroon uli ng paghahayag ng Anak ng tao tuald ng sa Sodoma. Ama, huwag sanang hindi ito makita ng mga tao.

48 At dumadalangin ako, o Diyos, sa magaspang na kaparaanan, (kung may nasabi akong mali, patawarin Mo po ako), sa aking pagkambyo. Mahal ko sila, Panginoon. Idinadalangin kong huwag na hindi nila ito makita. Maging isa nawa itong dakilang gabi, Panginoon. Lahat nawa ng maysakit, nagdurusa, bulag, anuman ang naririto ngayon, Panginoon, ay magsigaling ngayong gabi. Lahat nawa ng makasalanan ay maligtas. Sa kanilang mga puso, sa mga sandaling ito, kung sila'y di-mananampalataya, tanggapin nawa nila si Cristo sa pagkakataong ito. Itulot Mo po ito, Ama. Inilalagak namin ang lahat sa Iyong kamay. Ipinagkakatiwala namin ang aming sarili sa Iyo, upang makita naming pumaparito Ka sa aming kalagitnaan. 98 At sinabi Mo, sa San Juan 14:12, "Siya na nananampalataya sa Akin, ang mga

gawang ginagawa Ko ay gagawin din naman niya." Lubos naming nalalaman na ipinakilala Mo ang Iyong Sarili sa mga tao, dahil Ikaw ang propetang sinasabi ni Moises na lilitaw. Hindi sila nagkaroon ng propeta sa loob ng daan-daang taon; ang kamalian ay lumaganap; datapuwa't ang Salita ng Diyos ay kailangang matupad; kaya ang Salita ay nagkatawang tao at gayundin ang kamalian. At, Ama, muli namin itong nakikita sa araw na ang kamalian ay nagiging isang napakalaking bigkis; at nakikita naming dumarating ang Salita sa gayunding paraan. Pagpalain Mo kami ngayong gabi, Ama. Ipinagkakatiwala namin ang aming mga sarili sa Iyo, sa Iyong Salita. Anumang kailangan Mong ipagawa sa amin, gawin Mo po sa pamamagitan namin, Panginoon. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

49 [Isang sister ang nagsalita sa ibang wika. Patlang sa teyp—Ed.] Hindi natin alam kung ano'ng sinabi Niya. Marahil ay may bagay Siyang nais sabihin sa atin, kaya sa ilang sandali ay maging magalang tayo. [Patlang sa tape. Isang brother ang nagbigay ng interpretasyon—Ed.] 100 Amen. Nabasa ba ninyo… [Patlang sa tape—Ed.] sa Kasulatan kung saan nang paparating ang kaaway, at sila'y nagkakatipon, at sila'y… napakalakas ng puwersa ng kaaway. At ang Espiritu ng Diyos ay napasa isang lalaki, at sinabihan siya, at nanghula siya, at sinabi niya kung saan dapat mag-abang, at nagapi nila ang kaaway. Hayan itong muli ngayon. Diyan ang lugar kung saan n'yo magagapi ang kaaway (Kita n'yo?); kunin n'yo ang kamay ng Diyos. Ang kamay ng Diyos ay si Cristo, siyempre, ang Salita, kaya ilagay n'yo iyan sa inyong mga puso ngayong gabi habang tumatawag tayo ng hanay ng panalangin.

50 Sa palagay ko ay namahagi muli si Billy ng mga prayer card sa araw na ito. B, mga B, kunin natin ang B-85. Kagabi, kumuha tayo ng labinlima kagabi. Karaniwan ay sinisikap nating makakuha ng labinlima kada gabi. At hawakan ninyo ang inyong mga card; kukunin natin iyan ngayon. Subukan nating kumuha ng mga labinlima. 85. B, parang Branham, alam n'yo na. B-85 hanggang 100. At tayo… Tingnan natin, sino ang may card na B-85, itaas mo ang iyong kamay. Tiyak ka bang… doon sa likod, sige, 85 halika rito. 102 Ngayon ang anak ko… Kung meron mang estranghero dito, na hindi alam kung papaano ito ginagawa. Nagpupunta rito ang anak ko, o kung sinuman; kung hindi siya makapunta, Si Brother Borders, o kung sinuman ang pumaparito. Bababa ang ilang kalalakihan at dadalhin ang mga card na ito, mga sandaan, at habang nakatayo sila sa harap ng mga tao ay babalasahin nila. Kaya nga, pagbigay niya sa'yo ng card, hindi niya masasabing aakyat ka dito sa entablado; hindi niya alam 'yon. At hindi ko rin alam. Pagdating ko sa gabi, kukuha lang ako ng mga sampu o labinlima mula doon sa mga card. Wala itong kinalaman sa inyong kagalingan. Maaring nakaupo ka lang diyan. Tingnan n'yo, kagabi. Gaano karami ang narito kagabi, tignan ko ang mga kamay n'yo? Ganu'n na lamang napagaling ang mga tao sa kabuuan ng pagtitipon.

51 Ngayon, yung huli ay 85, 86, 87, 88, 89, 90. Palapitin natin sila dito ngayon. B-85, 86, 87,88, 89, 90. Isa pa malamang iyan… Siguradong kailangan nating… Mayroong… Narito pa ang isa; oo, kumpleto na. 90, 90 hanggang 100 na. 90, 91, 92, 93, 94, 95, 96, 97, 8, 9. 104 Kung hindi kayo makakilos, kung kayo'y… Nakikita kong mayroon tayong dalawa, tatlong wheelchair na naririto ngayon, apat sila, sa paniwala ko. Kung may prayer card kayo, kung na—natawag ang numero ninyo, at hindi kayo makakilos, itaas n'yo lang ang inyong kamay, at iaakyat natin iyan dito.

52 At kung wala kayong prayer card, maupo lang kayo diyan at manalangin, at magsabi, "Panginoong Jesus, itulot Mong matawag ako ngayong gabi." Ilan sa inyo rito ang walang prayer card, itaas n'yo ang inyong kamay. Ay, naku. Sige, ngayon, ganito ang sabihin natin; Sana'y hindi ito magmukhang paglalapastangan. Ngunit may isang babae noon na walang prayer card, sabihin na natin. Nakipagsiksikan siya sa karamihan, ang sabi niya (Ngayon, makinig kayo.), "Kung mahihipo ko lang ang damit ng Lalaking iyon, gagaling ako." Sino ang nakakaalam ng kuwento? Sige. At ano'ng ginawa niya? Hinipo niya Siya, at siya'y umalis at naupo. At lumingon si Jesus; Alam Niya kung saan siya naroroon. Tama ba iyon? Alam Niya kung ano'ng sakit niya. Tama ba? Alam Niya kung ano'ng sakit niya, kaya sinabi Niya sa kanya kung ano'ng sakit niya. At naramdaman niya sa kanyang katawan na huminto na ang pag-agas. Tama ba iyon? Dahil bakit? Nahipo niya Siya.

53 Ngayon, ilan sa mga Cristiano na naririto ngayon ang nakaaalam na ayon sa Hebreo, sa Aklat ng Mga Hebreo, na si Jesus ngayon ay isang Saserdote, Isang Saserdoteng maaaring mahipo ng ating mga kahinaan? Siya nga ba? Ngayon, kung Siya ang Saserdoteng iyon, iisang opisina, Punong Saserdote, paano Siya kikilos kung gayon? Kikilos Siya kung papaano Siyang kumilos noon. Naniniwala ba kayo riyan? Kikilos Siya kung papaano Siyang kumilos noon, kung mapapaniwalaan n'yo. Sige. Ilan ang naniniwala diyan, itaas n'yo ang inyong mga kamay, at magsabi, "Totoong naniniwala ako rito"? 107 Ngayon, bago sila bumuo ng hanay ng panalangin, magkaroon muna tayo ng hanay ng panalangin diyan. Alam kong naririto Siya. Na—na— nararamdaman ko ang Kanyang Presensya, at a—alam kong naririto Siya. Magsiparito kayo. Handa na ba ang hanay ng panalangin? Tatawag sana ako kanina diyan. Ma—nalangin lang kayo; tumingin lang kayo dito at manalangin, manampalataya lang kayo.

54 May isang babae ditong nakaupo at nakatingin sa akin, katabi ng isang babaeng nakasalamin. Hindi n'yo ba nakikita Yaong nasa ulunan niya? Tumingin ka rito. Kita nyo? Mayroon siyang sakit sa puso. Naniniwala ka bang pagagalingin ka ng Diyos. Kung naniniwala ka, itaas mo ang iyong kamay. Iyon ang sakit mo. Tama. Ngayon kung iyon ang sakit mo, itaas mo ang kamay mo para makita ng mga tao; itaas mo ang iyong kamay nang ganiyan. Ngayon, wala na ito sa iyo. Pinagaling ka na ng iyong

pananampalataya. 109 Siya'y pareho pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Oh, mayroong kamalian; ngunit si Jesus ay siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman.

Ito ba… Ngayon, manatili kayong nanalangin (Kita n'yo); hindi ninyo kailangang maparito, para sa inyong kaalaman.

55 Ngayon, narito ang isang babae. Sa abot ng nalalaman ko, hindi ko pa siya nakita sa buong buhay ko; isa lamang siyang babae na nakatayo rito, na may prayer card, at hindi niya alam kung matatawag siya o hindi. At basta't may nagbigay sa'yo ng prayer card, at na—natawag ang numero mo, kaya umakyat ka rito. Tama ba 'yon? At hindi ko kayang malaman kung ano ka, kung sino ka, kung taga saan ka, kung ano'ng gusto mo, wala akong kaalam-alam dito. Isa lang akong lalaki; isa kang babae. Tama iyan. Ang larawang ito ay naganap na minsan sa Biblia, sa ika-apat na talata ng San Juan. 111 Ngayon, sasabihin ninyo, "Ano'ng ginawa mo Brother Branham, kanikanina lang?" Kumambyo lang ako nang kaunti. Kita n'yo? Hindi ko alam. Kita n'yo? Siya ang kailangang gumawa nito. Hindi ko alam. Paanong nangyari iyon sa babaeng naririyan? Hindi ko pa siya nakita sa buong buhay ko. Ganap siyang estranghero sa akin. Naniniwala akong iyon ay isang babae. Sino ba yung pinagaling ngayon-ngayon lang diyan sa mga nakikinig, maaari ba? Oo, Hindi ba't hindi natin kilala ang isa't-isa? Kung tama iyan, ikaway mo ang kamay mo nang ganito. Kita n'yo? Hindi ko pa siya nakita kailanman. Ngunit nakaupo siya diyan, na nananampalataya. Ngayon may nahipo siya, hindi ba? Walang idudulot na kabutihan kung mahipo man ako.

56 Ngunit ngayon hindi n'yo ba nakikitang ang Biblia nga ang Salita ng Diyos? Siya ay pareho pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Naging mga tabernakulo tayo ng Espiritu Santo na walang iba kundi si Cristo. Kita n'yo? Iyan ang tunay na Binhi. Kaya kapag pumasok ang tunay na Espiritu Santo sa tunay na Binhi ng Salita, hindi... 113 Hindi lang bahagi Nito ang Kaniyang kukunin (dahil ginagamit din Iyan ng diablo), kailangang kunin mo Itong lahat (Kita n'yo?), Bawat Salita Nito, dahil hindi Siya kalahating Diyos; Siya'y Isang buong Diyos. Kita n'yo? At iyan ang nagaganap. 114 Ngayon, narito ang isang babae, hindi ko pa siya nakita dati. Nakatagpo si Jesus ng ganitong babae noon, maaaring hindi kaparehong kundisyon; hindi ko alam. At nakaupo siya sa balon. Kinailangan Niyang tumungo sa Samaria. At nalaman natin, na ang Samaria ay nasa paanan ng mga burol, at—at… patungo Siya sa Jericho, ang ibig kong sabihin, at umikot Siya sa Samaria, at nakarating Siya sa syudad ng Sicar. At naupo Siya sa isang balon, at inutusan Niya ang Kanyang mga alagad upang kumuha ng pagkain.

57 Gaano karami ang mga lahi ng tao sa mundo? Tatlo. Lahi ni Ham, Shem at mga anak ni Japhet. Galing tayong lahat kay Noah. Lahat ng iba pa ay nangamatay na sa panahong iyon. Mayroong tatlo lamang lahi ng mga tao, ang mga Hudyo, Hentil at Samaritano (na kalahating Hudyo at Hentil). Iyan lamang ang mga lahi sa mundo (Kita n'yo?) tatlo lamang. 116 Lahat ng bagay sa Diyos ay nasasakdal sa tatlo. Gaya ng tatlong ito na sinasabi ko ngayong gabi: tatlong yugto ng kamalian, tatlong yugto ng Salitang naging laman, at iba pa. Kita n'yo? 117 Ngayon, at Si—Siya na nangusap sa mga Hudyo, nagsabi kay Felipe, nang dalhin niya si Nataniel kung saan siya naroon, aniya, "Nakita Ko siya nang siya'y nasa silong ng puno." Sinabi Niya… Dinala ni Andres si Pedro; ang sabi Niya, "Ang pangalan mo ay Simon, at tatawaging kang Pedro mula ngayon." Ang sabi pa Niya, "Ikaw ay anak ni Jonas." Kita n'yo? Ngayon, lahat sila'y pawang mga Hudyo. 118 Ngunit narito't nagtungo Siya sa isang Hentil, hindi isang Hentil, kundi isang Samaritano. Ngayon ay panahon ng mga Hentil. Hindi Niya ginawa iyon kailan man sa mga Hentil. Saliksikin ninyo ang Kasulatan: hindi. Ngunit nangako Siya sa Lucas 22 na gagawin Niya ito bago ang pagdating. 119 Ngunit naupo Siya roon, at heto't lumabas ang isang mestisang Hudyo at Hentil, isang babae. At sinabi Niya sa kanya, "Babae, bigyan mo Ako ng maiinom." 120 At sinabi niya, "Aba'y, hindi ka dapat humiling nang ganyan. Tayo'y… May segregasyon dito. Isa kang Hudyo, at—at ako'y isang Samaritana." 121 Ang sabi Niya, "Ngunit kung nakikilala mo lang kung Sino ang kausap mo, ikaw ang hihingi sa Akin ng maiinom." Ano'ng ginagawa Niya? Inaabot Niya ang kanyang espiritu. At matapos na malaman Niya kung ano ang kanyang suliranin, siya'y pinahayo Niya upang kunin ang kanyang asawa. Sinabi niyang wala siyang asawa. Ang sabi Niya, "Tama iyan; nagkaroon ka na ng lima."

58 Ngayon, tingnan n'yo, nang makita ng mga Fariseong gumagawa Siya ng gayon. Tama, ang kamaliang iyon na nasa kalagitnaan ng Salita, ano'ng sinabi nila? Ang sabi nila, "Ang taong ito'y si Baalzebub, isang manghuhula." Kita n'yo? 123 At sinabi ni Jesus, "Sinuman ang mangusap ng ganiyan sa Espiritu Santo pagdating Nito upang gawin ang gayon ding bagay, hindi ito mapapatawad kailan man." Hayan ang inyong kamalian. Kita n'yo? Ngunit sinabi Niyang patatawarin pa Niya sila noon, dahil hindi pa dumarating ang Espiritu Santo; ang Alay, ang Kordero ay hindi pa namamatay.

Ngunit wala iyon sa isip ng babae. Ang sabi ng babae, "Ginoo, napaghahalata ko na Ikaw ay isang propeta." Apat na raang taon na silang hindi nagkakapropeta. Sabi niya, "Napaghahalata kong Ikaw ay isang propeta. Ngayon, nalalaman naming ang Mesiyas, na tinatawag na Cristo, pagdating Niya, ganyan ang Kanyang gagawin." 125 Buweno, kung ganoon ang Kanyang ginawa, pareho pa rin Siya kahapon, at ngayon. Sa ganoong paraan Niya ipinakilala ang Kanyang Sarili noon, hindi ba't gano'n din sa araw na ito? Dapat lang. Ngayon, narito ang isang babae at lalaki na nagkatagpong muli. Hindi siya ang babaeng iyon; Hindi rin ako ang Lalaking iyon. Ngunit ang Espiritu Santo ring iyon ang naririto, at nangako Siyang ang

mga gawang Kanyang ginawa, ay gagawin din natin sa mga araw na ang Anak ng tao ay mahahayag.

59 Ngayon, hindi kita kilala (at alam mong totoo iyan), ganap tayong hindi magkakilala, at nakatayo ka rito ngayon. Maaaring may—maaaring may karamdaman ka; maaaring wala; Hindi ko alam. Ngunit kung ihahayag sa akin ng Panginoong Jesus sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu Santo kung ano'ng karamdaman mo, maniniwala ka ba na Ito ay ang Anak ng Diyos at hindi isang tao? Isa lamang itong sisidlang balat, ang tabernakulong ito na—na ginagamit ng Diyos, sinumang pinili Niya. Ginagawa Niya ito sa Kanyang kataas-taasang biyaya at pagpili. Upang maniwala ka. Maniniwala ka ba? 127 Ilan sa mga nakikinig ang maniniwala dito? Kapuwa tayo ngayong nakatayo rito sa harap ng Liwanag, hindi pa tayo nagkita sa buhay na ito, wala akong ideya kung sino ang babaeng ito, kung ano siya, kung taga saan siya, kung ano'ng nais niya. Hindi ko pa siya nakita sa buong buhay ko, kung paanong hindi ko pa nakita ang babaeng naririyan sa buong buhay ko. Ngunit, kita n'yo, ito ang sinisikap kong gawin: alisin ang kamalian sa inyo ngayon at makapanampalataya kayo sa Salita kapag ang Salita ay naging laman sa kalagitnaan natin ngayon. Ang Salita ay nabubuhay sa ating sariling mga laman, nagpapakita ito ng Presensya ng Diyos.

60 Ngayon, nawa'y ipagkaloob Niya ito sa kanya. Nagnanasa siya ng mahalagang bagay. Wala siyang anak; nais niya ng isang anak. Mga apatnapung taon na siya. Tiyak ngang hindi ito imposible. 129 May mga nakaupo riyan ngayon, mga kababaihang baog sa buong buhay nila, pagkatapos ay lumapit sila sa entablado tulad nito, at binigyan sila ng Diyos ng anak. Magtaas ng kamay ang ilan sa inyong nariyan na nakakaalam niyan. Kita n'yo, kita n'yo? Kinarga ko ang isang munting batang babae noong isang araw, nung Linggo, pag-alis ko dito, Linggo ng hapon; ang kanyang ina ay baog dati, nangusap ang Panginoon. At ang munting batang babae,

pagkaganda-gandang bata, narito ba siya ngayon? Nasaan siya? Oo, narito siya, nakaupo rito, katabi ng kanyang ina. Narito mismo ang munting batang babae. Nakikita n'yo ba siya? Siya ay isang binigkas na Salita mula sa Diyos. 130 Ngayon, sasampalataya ka ba sa Kanya nang buong puso mo? Naniniwala ka bang ang pagpapalang taglay mo, na nararamdaman mo sa iyong kalooban ngayon, ay pagtugon ng Diyos? Kung sasabihin sa akin ng Diyos kung ano'ng pangalan mo, upang mapangalanan mo ang bata, maniniwala ka ba? Kung gayon, Mrs. Thompson, maaari ka nang umuwi at mapapasa'yo ang iyong anak, kung mananampalataya ka nang buong puso mo.

61 Nanampalataya ba kayo nang buong puso n'yo? Manampalataya lang kayo; huwag kayong magduda; manampalataya lang kayo sa Diyos. Ang Diyos ay Diyos. Kumusta po kayo, ginoo? Sa palagay ko'y hindi rin tayo magkakilala. Ang tanging pagkakataong nakita kita sa buong buhay ko, sa abot ng nalalaman ko, ay nang pumapasok ka kanina. At akala ko ikaw ay tiyuhin ni Brother Shakarian, o sino ito… Mashagian, ni Brother Mashagian, ang manganganta, nang lumapit ka. At nakita kitang tumungo sa hanay ng panalangin. Ngayon, bilang estrangherong tulad mo, at, o sa iyo, at, at gayon din ako, estranghero tayo sa isa't isa. Ngayon, kung magsasabi sa akin ang Panginoong Jesus ng mga bagay na marahil ay ninanasa mo, sabihin na lang nating ganiyan; kung sasabihin Niya sa akin kung anong ninanais mo. Ngayon, ibinigay na Niya ito sayo. Ang kailangan lang ay magkaroon ka ng sapat na pananampalataya upang sampalatayanan ito. 133 Ngayon, gaano karami ang nakakaunawa niyan? Sapat lamang na pananampalataya upang mapaniwalaan n'yong makukuha n'yo anumang hinihingi n'yo. Kita n'yo?

62 Ngayon, ngayon, kung naririto ka at nagnanasa ng anumang bagay, at nagawa Niyang sabihin sa akin kung ano'ng ninanasa mo, at alam mong hindi ko alam kung ano'ng ninanasa mo, kung gayon ay malamang na may Kung Anong naririto na gumagawa nito. Ngayon, ayon sa Salita, ipinangako Niyang gagawin Niya iyan. Nalaman Niya ang mga haka ng kanilang mga puso. Tama ba iyon? Tama. 135 May malaki kang pagnanasang gumaling. Isang bagay, may sakit kang nerbiyos, sobrang nerbiyos. Tama iyan. Isa pa, maysakit ka sa likod, at matagal nang malala ang lagay ng likod mo; naoperahan ka na dito. Iyan ay SABI NG PANGINOON. Totoo iyan. Kita n'yo? Tama iyan. At heto pa ang isang bagay; ang malalim mong pagnanasa, ay, ang matanggap ang bautismo ng Espiritu. Tama nga iyan. Lumapit ka rito.

Mahal na Diyos, sa Pangalan ni Jesus Cristo, mapuspos nawa ng Espiritu Santo ang lalaking ito, bago siya umalis sa dakong ito, sa Pangalan ni Jesus. Amen. Ngayon, tanggapin mo Ito, kapatid ko. Manampalataya ka lang, huwag kang mag-alinlangan.

63 Kumusta ka? Sa palagay ko, sa abot ng nalalaman ko, hindi tayo magkakilala. Kung tama iyan, upang malaman ng mga tao, itaas mo ang iyong kamay upang makita nila na hindi tayo magkakilala. Hindi ko pa siya nakita sa tanang buhay ko, sa pagkakaalam ko. Sa palagay ko ay hindi pa niya ako nakita, liban na lang diyan sa audience. Dahil alam ng makalangit na Ama, at narito ang Kanyang Salita, na hindi ko pa nakita ang babaeng ito, sa pagkakaalam ko, sa tanang buhay ko. Kaya nga, hindi ko alam kung bakit ka naririto, wala akong ideya kung sino ka, kung ano, o tungkol sa anumang bagay sa iyo. Wala akong isa mang masasabi. 138 Isa lamang itong kaloob. Kung magagawa ko… Tulad ng pagkakarinig mo sa pagpapaliwanag ko kanina. Sumasaisantabi lang ako, pinakikinggan ang Kanyang sinasabi; kung ano'ng nakikita ko, iyon ang sinasabi ko. Kung ano'ng hindi Niya sinasabi, hindi ko masasabi. Kung sasabihin ko iyon sa ganang aking sarili, mamamali iyon. Kita n'yo? Mamamali iyon. Ngunit kung Siya ang magsasabi,

walang pasubaling tama ito. Hindi ito maaaring magkamali; hindi ito kailanman nagkamali. Hindi ito magkakamali hanggat nananatiling ang Diyos ang may gawa. Kita n'yo? Kita n'yo, dahil hindi maaaring magkamali ang Diyos.

64 Ngunit kung masasabi sa akin ng Diyos kung ano'ng nais mo, kung ano'ng ninanasa mo, o ang dahilan kaya ka naririto, ang isang bagay na nagawa mo, o kung anuman, mga bagay ma tulad no'n, o kung sino ka, kung taga saan ka, o anumang bagay na nais Niyang sabihin sa akin, maniniwala ka ba? Salamat. 140 Isang bagay, may dinaramdam ka sa iyong paa. Pinahihirapan ka ng iyong mga paa. Tama iyan. Itaas mo ang iyong… May sakit kang pambabae, karamdamang pambabae. At may malaki kang pagnanasa sa iyong puso, dahil kararanas mo lang mawalan ng isang bagay. Isang batang lalaki, at umalis ang anak mong lalaki sa inyong bahay, lumayas siya, at nais mong ipanalangin kong magbalik siya. 141 Diyos na nasa langit, isugo Mo po ang kanyang anak sa kanya. Pigilin Mo po ng Espiritu Santo ang batang lalaking iyon na nasa lansangan ngayong gabi, Panginoon, pabalikin Mo siya sa kanyang ina. Sa Pangalan ni Jesus. Amen. 142 Pababalikin siya sa iyo Niyaong Nakaaalam. Huwag kang mag-alala. Ngayon, manampalataya ka na; huwag kang mag-alinlangan. Manampalataya

ka lang, nang buong puso mo. Maniwala ka, at ibibigay ng Diyos ang lahat ng iba pa.

65 Ngayon, ang tatlo o apat lang na discerning na iyon, anuman iyon (Kita n'yo?) nagpapatuloy ako hanggang sa maging parang bulag ako. Hindi ko ito maipaliwanag; walang paraan upang ipaliwanag ito. Sasabihin n'yo, "Ibig mong sabihin, mas mahirap ito para sayo, kaysa mangaral ka diyan ng apatnaput-limang minuto o higit pa, sa palagay mo? Opo. Kahit pa nga tatlong oras iyon, hindi iyon magiging gano'n kahirap. 144 Isang babae ang humipo sa damit ng ating Panginoong Jesus. At ang mga taong iyon ay hindi humihipo sa akin. Aba'y, ang babaeng naririto, tumingin kayo rito, maaari niyang… Ipatong mo ang iyong kamay sa akin. Kita n'yo? Kung hihipuin niya lang ako kung saan-saan, walang itong anumang maidudulot; Isa lamang akong lalaki. Ngunit kailangang Siya ang hipuin niya. At ako, sa pamamagitan ng kaloob, nag—nagpapatianod lang ako… Ang buong pagkatao ko ay naglalaho, at sinasabi ko lang kung ano'ng nakikita ko. Kita n'yo? At iyon lang. Kita n'yo? Ang hipuin ako ay walang anumang kabuluhan, ngunit nahihipo niya si Jesus sa pamamagitan ko. Sa ganoong paraan nahipo ng babaeng iyon ang Diyos sa pamamagitan ni Jesus, gayong hindi Niya alam kung ano'ng problema niya. Hinipo lang niya ang Kanyang damit, at humayo siya't naupo. At sinabi Niya—at sinabi Niya, ″Sino'ng humipo sa Akin?‶ 145 At sinabi ng mga Apostol, ″Aba'y, lahat sila'y humihipo sa Iyo. Bakit Mo sinasabi iyan?‶ Ang sabi Niya, ″Ngunit talastas Ko na may lumabas na bisa sa Akin.‶ 146 Ngayon, alam n'yo ba kung ano ang bisa? Lakas. Nanghina Siya sa hipo ng isang babae, at Siya ay ang Anak ng Diyos. Ano pa kaya ako na isang makasalanan na naligtas sa Kanyang biyaya. Alam n'yo ba kung bakit mas higit pa ito? Dahil sinabi Niya, ″Ang mga bagay na ito na Aking ginawa, ay gagawin din naman ninyo. Higit pa rito ang gagawin ninyo, dahil pupunta Ako sa Ama.‶ ″Mas dakila,‶ Ang pagkakasabi diyan, ngunit ang tamang interpretasyon sa Griyego ay, ″Mas marami kaysa rito ang gagawin ninyo.‶

66 Ngayon ang babaeng ito ay hindi ko kilala. Wala akong alam na anuman tungkol sa kanya. Singestranghero siya sa akin ng mga nakaraang mga tao. Hindi kami magkakilala. Para lang malaman ng mga tao, maaari mo bang itaas ang iyong kamay, at sabihin, "Hindi kami magkakilala." Ngayon, ang Anak ng Diyos, nakatagpo Niya minsan ang isang babae sa isang munting tanawing gaya nito sa tabi ng isang balon, at sandali Niya siyang kinausap, at nalaman Niya kung ano'ng suliranin niya, at sinabi Niya sa kanya kung ano'ng suliranin niya. Kaya nga nalaman niya dahil doon, na iyon ang Mesiyas.

Ngayon, na—na ako'y… Hinipo mo ako; hinipo kita, at walang anumang nangyari. Ngunit kung ang aking pananampalataya sa pamamagitan ng isang kaloob at ang iyong pananampalataya sa pamamagitan ng paniniwala dito ay makahihipo sa Kaniya, at makapangungusap Siya sa pamamagitan natin—sa iyo sa pamamagitan ko, kung gayo'y malalaman mo'ng narito Siya tulad nung Siya'y naroroon sa balon ng Sichar. Kita n'yo? Pareho pa rin Siya kahapon, ngayon, at magpakailanman. Naniniwala ba kayo diyan? 148 Napakarami mong karamdaman, napakaraming sakit, mga kumplikasyon. Isa sa mga pangunahing bagay na gusto mong ipanalangin ay ang arthritis. Tama. Tama ba iyon? Naninigas ang iyong katawan gawa ng arthritis. Kapag nakita mo itaas mo ang iyong kamay…

67 At may kabagalan ang lakad mo, sa abot ng aking natatandaan. Marahil ay maghihintay tayo sandali, marahil may iba pang bagay na maaaring masabi na mag-aalis… Kapag nakararamdam ka ng mga bagay-bagay, mga tao, alam nyo na, tulad ng isang hininga na sumasalungat Dito. Sinasabi nila, "Hinulaan n'ya lang iyon," o kaya, alam n'yo na, ganiyan. 150 Ngunit, mukhang mabuting tao ka; kausapin mo lang ako nang ilang sandali. Tumayo lang tayo dito ng ilang saglit, dahil sa wari ko'y may iba pang bagay sa puso mo na iyong ninanasa mula sa Diyos. Ngayon, hindi ko masasagot ang mga panalangin mo, ngunit kaya Niya… Dahil kung paniniwalaan mo, nasagot na ito. Ngunit kung sadyang nais mong maniwala; upang mapaniwala ka. Ngayon, sasabihin ko sa iyo; patungkol ito sa isang mahal mo sa buhay na wala rito, at ito'y kapatid mong lalaki, at ang kapatid mong iyon ay wala sa bayang ito. Nasa isang matubig na bayan siya, maraming mga lawa. Sasabihin kong parang sa Michigan o kaya'y isang… Oo sa Michigan siya naroroon. At nagbabata siya ng isang nakamamatay na sakit, at iyon ay ang walang lunas na sakit sa bato na bumabagabag sa kaniya. Tama iyon, hindi ba? Iyan ay SABI NG PANGINOON. Ngayon, ang panyo

na hawak mo sa iyong kamay, na itinaas mo sa Diyos, ipadala mo iyan sa iyong kapatid at sabihin mong huwag siyang mag-alinlangan, kundi manampalataya, at si—siya'y gagaling na ngayon kung sasampalatayanan mo.

68 Naniniwala ka ba nang buong puso mo? Kita mo? Kaya kung nananampalataya ka, isang bagay lang ang dapat gawin, ang tanggapin mo ito nang lubusan. Tama ba iyon? 152 Ngayon, sasabihin n'yo, “Tinitignan niya lang ang mga taong iyon. Gayon ang kanyang ginagawa, tinitignan niya sila.” Masyado na kayong maraming nakitang ganyan.

Ngunit upang malaman n'yong… Ang babaeng naririto, lumapit ka rito binibini, dito, ang pasyente, maging sino ka man. Hindi ako nakatingin sa kanya. Naniniwala ka bang maaring ihayag ng Diyos sa akin ang sakit mo? Itaas mo ang iyong kamay, kung naniniwala ka, ang babaeng naririto, ang babaeng naririto, ang pasyente. Oo. Oo. Sige, kung naniniwala ka ng buong puso mo, hindi ka na pahihirapan ng sakit mong hika. Ngayon, umuwi ka na at manampalataya ka.

69 Kita n'yo, Tumingin kayo dito; nariyan ang pangitain anuman ang mangyari. Amen. Hindi n'yo ba nakikita? Sadyang singsakdal ito ng Diyos. 155 Naniniwala ka rin ba? Maaring lisanin ka rin ng hika, hindi ba? Naniniwala kang mawawala ito? Buweno, humayo ka at sabihin mo sa Panginoong Jesus na naniniwala ka sa Kanya. 156 Isa sa mga araw na ito kakailanganin mong magdala ng tungkod kapag nilumpo ka ng arthritis na iyan, ngunit hindi na niya ito magagawa. Hindi na; hindi ka naniniwala magkakagayon nga? Naniniwala ka bang gagaling ka? Humayo ka na at pinagaling ka na ni Jesus Cristo. 157 Pumapatay ng tao ang sakit sa puso, ngunit hindi kailangang patayin ka nito. Naniniwala ka bang pagagalingin ito ng Diyos para sa'yo at iigi ka na? Humayo ka at manampalataya nang buong puso mo, at sabihin mo, “Lubos akong naniniwala dito.”

70 Nakapagssasalita ka ba ng Ingles? Nakakaintindi ka ba ng Ingles? Lumapit ang sinuman. [Lumapit ang isang interpreter—Ed.] Oo, sige. Masasabi bang sabihin mo sa kanya kung ano'ng sinasabi ko sa kanya? Sabihin mo sa kanya na kung mananampalataya siya, ang sakit ng tiyan ay lilisan na sa kanya. Ma—maniniwala ba siya rito? Ang sakit ng likod mo ay lilisan na rin sayo, kaya makahahayo ka na at ikaw ay gagaling. 159 Kumusta ka? Naniniwala ka ba? Ang lalaking iyon na may sakit sa likod, tumingin siya sa akin nang sinabi ko 'yon, gagaling din siya, kung mapapanampalatayanan mo ito, ginoo. Sige po. 160 Ang babaeng nakaupo sa tabi mo riyan, may sakit ka sa leeg, hindi ba, binibini? Naniniwala ka bang pagagalingin ka ng Diyos? Nais mo bang ipatong ang iyong kamay sa munting batang lalaking iyan para sa kanyang mga tuhod, at gagaling din siya. Kaya mo bang sampalatayanan ito? May pambabae kang sakit, isang karamdamang pangkababaihan, wala na ito sa iyo ngayon. Ang pananamplataya mo ang nagpaigi at nagpagaling sa iyo.

71 Naniniwala ba kayong si Jesus Cristo ay siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman? Kung gayon ay hawakan natin ang kamay ng isa't isa at

manalangin tayo ng panalangin ng pananampalataya, bawat isa sa atin, manalangin tayo ng panalangin ng pananampalataya. Mahal na Diyos, habang kami'y nababalutan ng Iyong Makalangit na Presensya upang mamalas Ka naming kumikilos sa lahat ng nakikinig, at nagpapagaling ng maysakit sa bawat dako. Ikaw ay Diyos. Dumadalangin akong pagalingin Mo ang lahat ng naririto. Nawa'y dumaloy nang sariwa ang Hininga ng Diyos sa kanilang mga puso, at malaman nilang ang panahon ay patapos na. Sandali na lang kaming mamamalagi rito, at pagkatapos ay tutungo na kami sa Kanya na aming minamahal. At nawa ang Kanyang Presensya ngayon ay maghatid ng kagalingan sa bawat isa. Kinukundena namin si Satanas; kinukundena namin ang lahat niyang mga gawa. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, Satanas, umalis ka sa mga tao. Lahat ng sasampalataya sa Kanya ngayon, at tatanggap ng inyong kagalingan, magsitindig kayo, at magsabi, “Tumatayo ako ngayon upang tanggapin ang aking kagalingan. Sinasampalatayanan ko ito.” Anuman ang inyong kundisyon, kung tunay kayong nananampalataya, magsitindig kayo. Ngayon, itaas ninyo ang inyong mga kamay, at inyong sabihin, “Salamat sa Iyo, Panginoong Jesus, sa pagpapagaling Mo sa akin.” Sumainyo nawa ang Diyos.

MESSAGE online hub

Pangangaral ni

William Marrion Branham

"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7

www.messagehub.info